## Tungkol Saan ang Modyul Na Ito?

Ang modyul na ito ay tungkol sa Mindanao at ang kasalukuyang paghahanap ng mga taga-Mindanao at ng ating pamahalaan ng kapayapaan para sa islang ito.

Sa mga nakaraang halos tatlong dekada na ngayon, ang kapayapaan ay nananatiling mailap para sa mga taga-Mindanao. Nagdudulot ng banta sa buhay ng mga tao hindi lamang sa mga taga-Mindanao at sa ibang mga Filipino kundi pati na rin sa buong mundo ang mga hidwaan doon.

Ano ang ugat ng problema sa Mindanao? May mga tangka ba ang ating pamahalaan, ang mga tao sa Mindanao at ang pandaigdigang komunidad na lutasin ang mga problemang ito? Kung mayroon man, matagumpay ba ang kanilang mga tangka para panatilihin ang kapayapaan sa katimugang rehiyon ng ating bansa?

Ito ay ilan lamang sa mga katanungang susubukang sagutin sa modyul na ito.

May tatlong aralin ang modyul na ito. Ito ay:

Aralin 1 – *Mindanao: Ang Lupa ng Pangako at Pakikibaka*

Aralin 2 – *Ang Mahabang Lakbayin Tungo sa Kapayapaan sa Mindanao*

Aralin 3 – *Ang Buhay Pagkatapos ng Usapang Pangkapayapaan: Mailap Pa Rin ang Kapayapaan*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang kaya mo nang:

- ipaliwanag ang posibleng mga ugat ng kaguluhan sa Mindanao;
- talakayin ang iba't ibang tangka sa kapayapaan na ginawa ng ating pamahalaan para lutasin ang kaguluhan sa Mindanao; at
- ipaliwanag kung ang mga tangka sa kapayapaan na isinagawa ng ating pamahalaan ay matagumpay o hindi na nagdulot ng kapayapaan sa Mindanao.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang sa unahan ng bawat bilang.

______ 1. Ang Mindanao ay pangalawang malaking isla ng Pilipinas. Ang kabuuang sukat ng lupain nito ay ________________.

a. 45,000 metro kuwadrado
b. 45,000 kilometro kuwadrado
c. 95,000 metro kuwadrado
d. 95,000 kilometro kuwadrado

______ 2. Ang Mindanao ay makikita sa ________________ bahagi ng Pilipinas.

a. hilagang
b. silangang
c. kanlurang
d. katimugang

______ 3. Ang ________________ ay salitang Cebuano at Visayas na ang ibig sabihin ay katutubo.

a. moro
b. muslim
c. lumad
d. kristiyano

______ 4. Ang Pilipinas ay nasakop ng Espanyol noong kalagitnaan ng siglo 16. Ang karamihan sa mga Filipino ay naging ________________.

a. Muslim
b. Kristiyano
c. Born Again
d. Mormon

______ 5. Ang ________________ ay isang pandaigdigang kasunduan na nagtatakda ng teritoryong sakop ng Pilipinas.

a. Kasunduan sa Paris
b. Kasunduan sa Tripoli
c. Kasunduan sa Milan
d. Kasunduang Kasakupan Panteritoryo/Teritoryal

______ 6. Ang pagkanasyonalismo ng mga Moro ay napukaw nang mangyari ang ________________.

a. Masaker sa Mendiola
b. Masaker sa Jabidah
c. Mock Battle
d. Rebolusyon sa EDSA

______ 7. Ang lider ng Moro National Liberation Front (MNLF) ay si ________________.

a. Nur Misuari
b. Hashim Salamat
c. Abu Sabaya
d. Ferdinand Marcos

______ 8. Ang ________________ and unang kasunduan ng kapayapaan na nilagdaan ng pamahalaan at ng MNLF dahil sa tulong ng Organization of Islamic Conference.

a. Final Peace Agreement
b. Treaty of Paris
c. Tripoli Agreement
d. Organic Act for the Autonomous Region of Muslim Mindanao

______ 9. Sa ilalim ng pamahalaan ni ________________ napasa ang Organic Act for the Autonomous Region of Muslim Mindanao.

a. Ferdinand Marcos
b. Joseph Estrada
c. Corazon Aquino
d. Fidel Ramos

______ 10. Ang kasunduang pangkapayapaan na nilagdaan ni Presidente Ramos at ni Nur Misuari ay tinatawag na ________________.

a. Tripoli Agreement
b. Final Peace Agreement
c. Treaty of Paris
d. Wala sa itaas

Ano sa tingin mo? Nasagutan mo ba nang tama ang mga katanungan? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 45 ng modyul na ito.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ito upang mabalik-aralan ang mga nalalaman mo na. Maaari ring maragdagan nito ang iyong nalalaman.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Matututo ka rin ng mga kaalamang magagamit mo sa pang araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, tiyak na masasagutan mong lahat ang mga pagsusulit at pagsasanay at marami pang iba. Handa ka na ba?

Ilipat ang modyul sa susunod na pahina upang masimulan ang Aralin 1.

# Mindanao: Ang Lupa ng Pangako at Pakikibaka




Ang Mindanao ay palagiang nangunguna sa balita sa mga diyaryo kamakailan lamang. Alam mo ba kung bakit?

Sa maraming tao, maging Filipino man ito o banyaga, ang Mindanao ay tinaguriang lupang pangako dahil sa kagandahan at masaganang biyaya ng kalikasang taglay nito. Subalit sa matagal nang panahon hanggang sa ngayon, maraming tao ang naniniwala na ang Mindanao ay mapanganib na lugar.

Gaano karami ang alam mo tungkol sa ating mga kapatid na taga-Mindanao?

Sa araling ito, matututuhan mo ang heyographiya, populasyon, at kultura ng Mindanao bilang bahagi ng Pilipinas. Ipakikita rin sa araling ito ang iba't ibang sosyo-kultural na anyo ng Mindanao at ng mga naninirahan dito.


Ang araling ito ay magbibigay rin ng maikling kasaysayan ng mga pupunyagi ng mga taga-Mindanao para makamamtan ang kanilang pambansang kaakuhan at sariling pagpapasya bilang isang hiwalay na estado sa Pilipinas. Ipaliliwanag rin ang mga posibleng ugat ng mga kaguluhan sa Mindanao.

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang makakaya mo nang:

- ipaliwanag ang magkakaibang grupong kultural sa Mindanao;
- talakayin ang kasaysayan ng mga tao sa Mindanao at ang kanilang para sa pambansang identidad at sariling pamamahala; at
- ipaliwanag ang mga ugat ng kaguluhan sa Mindanao.



## Pag-isipan Natin



Ang Pilipinas ay binubuo ng 7,107 isla na nahahati sa tatlong malalaking pulo: Luzon, Visayas, at Mindanao. Ang Mindanao ay may kabuuang sakop na lupain na 95,000 kilometro kuwadrado, at pangalawang pinakamalaking isla ng Pilipinas at itinuturing na lupa ng pangako ng maraming Filipino.

Alam mo ba kung saan sa mapa ng Pilipinas ang Mindanao? Kung alam mo, tukuyin ang iba't ibang probinsiya na nasasakupan ng Mindanao. Isulat ang iyong sagot sa mga patlang sa ibaba.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________


________________________________________


Pagkatapos mong ilista ang mga probinsiya, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 45 ng modyul na ito.



## Subukan Natin

Sa ibaba ay may mga larawan ng lugar na bantog sa Mindanao. Matutukoy mo ba ang mga lugar na ito? Isulat ang mga pangalan ng lugar o produkto na makikita sa Mindanao sa mga patlang na nakalaan.







1. ________________________

2. ________________________


3. ______________________




4. ______________________




5. ______________________



6. ______________________




7. ______________________



8. ______________________



Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 45 ng modyul na ito.



## Pag-aralan Natin

Ang Mindanao ay isang maganda at masaganang lugar. Mula sa pinakatuktok ng bundok hanggang sa kailaliman ng dagat, may kagandahan at kayamanan ito na nakabibighani sa puso ng maraming tao.

Makikita rin sa Mindanao ang iba't ibang anyo ng lupain tulad ng mga bulubundukin, bulkan, talampas, at mga latiang lupain na kaaya-ayang pagsakahan. Marami ring mga karagatan at baybayin ang Mindanao na pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao maliban pa sa lupaing kanilang sinasaka.

Sa Mindanao makikita rin ang pinakamalaking lawa sa ating bansa—ang Lawa ng Lanao. Makikita rin dito ang pinakamataas na bundok—Mt. Apo. Dito rin makikita ang pinakamalaking pinagkukunan ng lakas ng tubig para makapagbigay ng kuryente—ang napakandang Maria Cristina Falls.




Ang masaganang lupa sa Mindanao ay nagdudulot ng mga di-pangkaraniwang prutas tulad ng durian, marang, lanzones, masasarap na saging at pinya na makikita lamang sa mga bansang tropikal.



## Pag-isipan Natin

Alam mo ba na may tatlong malalaking grupong kultural sa Mindanao? Ito ang mga Moro o Muslim, ang mga Lumad o katutubo na hindi Muslim at hindi rin Kristiyano, at ang mga Kristiyano.

Matutukoy mo ba sila sa mga larawan sa ibaba? Kung ganoon, isulat ang iyong sagot sa patlang sa ilalim ng bawat larawan.

1. _____________ 2. _____________ 3. _____________

Nahirapan ka bang tukuyin ang mga larawan? Madaragdagan pa ang iyong kaalaman habang binabasa mo ang susunod na paliwanag. Maaari mong iwasto ang iyong sagot habang binabasa mo ang susunod na bahagi ng araling ito.




## Pag-aralan at Suriin Natin

**Ang mga Muslim**

Ang kultura ng mga tao sa Mindanao ay nagkakaiba-iba dahil sa maraming mga katutubo, na tinagurian ng ating bansa bilang mga minoryang kultural, at dahil na rin sa katangiang pangheyograpiya ng Mindanao.

Hindi bababa sa labintatlong grupo ng katutubo mayroon ang Mindanao na sumasampalataya sa Islam bilang isang paraan ng pamumuhay. Ang tatlo sa pinakamalaki at may lakas-politikal ay ang sumusunod:



Ang mga **Maguindanaoan** (mga taong nasa kapatagan) na naninirahan sa probinsiya ng Cotabato (binubuo ng Maguindanao, Sultan Kudarat, Timog at Hilagang Kotabato).



Ang mga **Maranaw** (mga taong taga-lawa) na naninirahan sa dalawang probinsiya ng Lanao.



Ang mga **Tausug** (mga taong-dagat) na naninirahan sa mga isla ng Sulu.

Ang sampu pang kultural na minoridad ay ang mga Yakan, Sama, Badjao, Kalagan, Sangil, Iranun o Ilanuna, Palawani, Melebugnun, Kalibogan, at Jama Mapun.

Bagama't ang mga grupo ng Muslim ay naninirahan sa iba't ibang kapaligirang hiyograpikal at may kanya-kanyang paraan ng pamumuhay, sila'y pinagbubuklod ng iisang paniniwala—ang Islam.

Sa palagay ninyo, ang mga katagang moros at muslim ba ay magkatulad? Iisa ba ang ibig sabihin nito? ______ Oo ______ Hindi

Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ang mga katagang "Mmuslim" at "moro" ay pinagpapalitang na ginagamit upang tukuyin ang mga iba't ibang grupong kultural sa Mindanao. Subalit, mahalagang isaalang-alang na may pagkakaiba sa dalawang katagang ito. Ang katagang "muslim" ay isang pagkilala sa pangkalahatang pananampalataya samantalang ang katagang "moro" ay tumutukoy sa isang grupong heo-politikal (heograpikal at politikal) na natatangi lamang sa mga taga-Mindanao na "muslims" at hindi "muslims."

Ang salitang "moro" ay unang ginamit ng mga Espanyol upang tukuyin ang mga tao sa Mindanao na may pananampalatayang tulad ng mga "Moors" na minsang sumakop sa Espanya. Ang relihiyon ng mga "Moors" ay Islam, kaya sila'y mga Muslim din. Ang "moro" ay ginamit kahalintulad ng paggamit ng katagang "Indio" sa pagtukoy sa mga Filipinong naging Kristiyano.

Ano ang ibig sabihin ng mga katagang "moro" at "indio" sa panahon ng Kastila sa Pilipinas?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Noong panahon ng pananakop ng Espanya, ang mga katagang "moro" at "indio" ay nangangahulugang mababang uri kaysa sa mga Espanyol at mga mestizo. Kamakailan, ang katagang "moro" ay naiangat ang kahulugan at may mahalagang pakahulugan, na siya namang ikinatuwa ng mga muslims. Ito ay dahil sa organisasyong Moro National Liberation Front (MNLF). Madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa MNLF sa iyong patuloy na pagbabasa ng modyul na ito. At tulad nga sa mga unang paliwanag, ang katagang "moro" ngayon ay ginagamit na upang tukuyin ang mga Filipino sa Mindanao, na maaaring Muslim o hindi.


**Ang mga Lumad**

Ang katagang "Lumad" ay isang Cebuano at Visayang salita na ang ibig sabihin ay katutubo. Sa ngayon ito ay ginagamit upang tukuyin ang mga katutubong grupo sa Mindanao na hindi naman Muslim at hindi rin Kristiyano.



May mga 18 grupong katutubo na tinataguriang "lumads." Ang ilan dito ay ang: Ata, Bagobo, Banwaon, B'laan, Bukidnon, Dibabawon, Higaonon, Mamanwa, Mandaya, Manuwangan, Manobo, Mansaka, Subanon, Tagakaolo, T'boli, Teduray, at Ubo.

**Ang mga Kristiyano**



Ang mga kristiyano ay mga Filipinong nagpalit na pananampalataya noong panahon ng pananakop ng Kastila mula sa kanilang pananampalatayang pagkapagano tungo sa pananampalatayang Kristiyano. Nasakop ng mga Kastila ang bahaging Luzon at Visayas at ilang bahagi ng Mindanao at Zamboanga. Subalit karamihan sa mga taga-Mindanao ay nanatiling mga Muslim at pagano.

Lumaki ang populasyon ng mga Filipinong Kristiyano sa Mindanao noong pahanon ng pananakop ng mga Amerikano at ng pamahalaang Komonwelt dahil sa paglipat ng mga taga-hilagang Luzon at gitnang bahagi ng Visayas patungong katimugang Mindanao. Ipagpatuloy mo ang iyong pagbabasa para lalo mong matutuhan ang tungkol sa paksang ito.



## Pag-isipan Natin

Ano ang ipinahihiwatig ng mga pagkakaiba sa kultura ng mga taga-Mindanao?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

Natapos mo na bang sagutan ang tanong? Kung gayon, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 46 ng modyul na ito.

Ipinakita ng iba't ibang grupong kultural sa Midanao kung gaano ang pagkakaiba ng mga kultura ng mga naninirahan doon. Napakarami nilang kaibahan sa isa't isa. Maaaring sanhi ang mga pagkakaibang ito ng kanilang iba't ibang paniniwala. Halimbawa, Islam and relihiyon ng mga muslim at naniniwala sila kay Allah bilang kanilang diyos. Ang mga kristiyano naman ay may pananampalataya nababatay sa Simbahang Romano Katoliko. Panghuli, naniniwala ang mga lumad sa mga espiritu ng kalikasan bilang kanilang gabay sa pamumuhay.

Ang pagkakaiba ba ng heoyograpikong katangian ng Mindanao ay may kaugnayan sa pagkakaiba ng kanilang kultura? _____ Oo ______ Hindi

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Kung ang naging sagot mo ay oo, tama ka! Ang heoyograpikong katangian ng Mindanao tulad ng lawa, dagat, lambak, bundok at kapatagan ay nakatutulong sa pagkakaiba ng mga kultura ng mga tao. Ipagpalagay nating halimbawa ang iba't ibang grupo ng mga Muslim. Ang mga taga-Maguindanao ay nakatira sa kapatagan, kaya ang karaniwan nilang hanapbuhay ay pang-agrikultura. Ang mga Tausug at mga Maranaw naman ay umaasa sa kayamanang tubig, tulad ng karagatan at lawa para sa kanilang ikabubuhay.

Ang mga pagkakaiba bang ito ng mga Muslim at iba't ibang grupong kultural ay siyang ugat ng kaguluhan sa Mindanao?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Kung nahirapan kang sagutin ang huling tanong, huwag kang mag-alala. Talagang mahirap nga ng sabihin kung ang mga pagkakaiba sa kultura ng mga tao sa Mindanao ang tunay na dahilan ng kaguluhan sa lugar nila. Para lalo mong maintindihan ang problema sa Mindanao, ipagpatuloy ang pagbabasa ng modyul.



## Pag-aralan at Suriin Natin

### Maiksing Kasaysayan ng mga Tao sa Mindanao

Palagi nating naririnig na may kaguluhang nagaganap sa Mindanao. Sa mahigit na tatlong dekadang nagdaan, ang Mindanao ay nababalutan ng kaguluhan dahil sa walang tigil na hidwaan ng pamahalaan at ng mga grupong Muslim na gustong humiwalay sa bansang Pilipinas.

Ang mga Muslim sa Mindanao ay may mahabang kasaysayan ng pakikipagtunggali. Ito ay naitakda pa noong panahon ang pagnanakop ng mga Kastila sa ating bansa na umabot sa 333 taon. Ang mga Muslim ay nakipaglaban nang buong katapangan dahil sa ayaw nilang pasakop sa mga Kastila.

Ang mga Espanyol ay dumating sa ating bansa noong kalagitnaan ng ika-16 na siglo. Ang Pilipinas noon ay napasailalim sa kapangyarihan ng mga Kastila. Karamihan sa mga Filipino sa islang Luzon at Visayas na nasakop ng mga Espanyol ay napaniwala nila sa Kristiyanismo. Kahit na nasakop din ng mga Kastila ang bahaging silangan ng Mindanao at ang buong Zamboanga, nabigo silang sakupin ang buong Mindanao. Ang mga muslim at mga lumad ay buong tapang na ipinaglaban ang kanilang mga lupain at kabuhayan.



Sa panahon ng pananakop ng mga Kastila, may mga iringan at hindi magandang pagsasamahan na nangyari sa pagitan ng mga kristiyanong Filipino at mga Filipinong Muslim sa Mindanao. Ang iba sa mga hindi magandang pagtingin ay nanatili hanggang sa ngayon at nagbunga ng hindi pagtitiwala sa isa't isa ng mga Filipinong kristiyano at muslim na naninirahan sa Mindanao. Sa tuwina'y namamagitan ang alitan sa kanila.

Sa panahong iyon, hindi pa masidhi ang damdaming nasyonalismo sa mga taga-Mindanao kung ihahambing sa panahon ngayon. Ito ay dahil sa ang mga iba't ibang etnikong grupo ay pinapamunuan ng mga sultan. Sila-sila ay nagkakalaban-laban din noong unang panahon.

Dumating ang mga Amerikano at tinalo nila ang mga Espanyol. Subalit, batay sa kasaysayan, ang nangyaring labanan sa pagitan ng Amerikano at Espanyol ay palabas o kunwari lamang. Binayaran ng Amerika ang Espanya sa halagang dalawampung milyong dolyar (US$ 20M) bilang kapalit ng pag-aako sa Pilipinas, na sa panahong iyon ay wala pang tiyak na lupaing kasasakupan. Ang dalawang bansa ay nagpirmahan ng kasunduan sa Paris na tinaguriang *"Treaty of Paris"* at doon tinukoy ang lupaing kasasakupan ng Pilipinas, na umabot hanggang katimugan kasama na ang mga islang Mindanao at Palawan.

Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, maraming batas ang itinalaga na nagpapahintulot na makapag-aari ng mga lupain ang mga indibidwal at mga korporasyon. Sinasabi sa batas na ito na kailangang iparehistro ng mga tao o korporasyon ang kanilang mga lupain. Sinasabi rin sa batas kung gaano kalaking lupain ang maaaring angkinin o pagmay-arian ng isang tao o korporasyon. Ang mga hindi registradong lupain ay bukas para bungkalin, pamahayan o bilhin ng kahit na sinong mamamayan ng Pilipinas at ng Amerika.

Sa palagay mo ba, paano naapektuhan ng pagrerehistro ng lupain ang mga Filipinong muslim at lumad?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Sa Mindanao, malalaking ektarya ng lupain na inookupahan ng mga Muslim at Lumad ang naibenta o naparentahan sa mga nanirahan at mga kompanyang may plantasyon. Nagresulta ito sa paglikas sa looban at pagkawala ng mga lupain ng mga Muslim at Lumad na minana pa nila sa kanilang mga ninuno. Marami sa kanila ang hindi nakaparehistro ng kanilang mga lupain dahil sa hindi nila naintindihan ang proseso ng pagpaparehistro ng lupa.

Ang sitwasyong ito ay hindi natapos kahit nagwakas na ang pananakop ng mga Amerikano hanggang sa pahanon na tayo'y nagsisimula bilang isang malayang bansa – sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt.

Ayon kay Marites Daguilan Vitug at Glenda Gloria, sa aklat na pinamagatang *"Under the Crescent Moon: Rebellion in Mindanao,"* ang pagdagsa ng mga tao sa Mindanao na galing sa Luzon at Visayas ay nagsimula nang ilunsad ng ating pamahalaan ang programang paglikas noong 1950s'. Ang mga tao'y nahimok na lumikas patungong Mindanao sa pag-asang magkakaroon sila ng sariling lupang kanilang mabubungkal. Dahil sa pagdagsa ng mga tao, ang mga nagsilikas at mga katutubong taga-Mindanao ay nagsimulang mag-agawan ng lupang maaangkin. Hindi maiiwasan na magkaroon ng alitan at kaguluhan ang dalawang pangkat/panig.

Ang mayayamang tao at korporasyon ang nagmamay-ari sa halos lahat ng magagandang lupain sa Mindanao. Nagtanim sila ng palay, mais, pinya, niyog, "rubber trees" at saging. Ang mga masaganang lupain rin ng Mindanao ay pinagsamantalahan ng mga mayamang operator ng ilegal na pagtotroso na naging sanhi ng pagkakalbo ng kabundukan nito. Nasasabi nga na ang Mindanao ay nakapagdudulot ng malaking bahagi sa kita ng ating bansa, subalit ayon sa ulat na ipinalabas ng Philippine Human Development noong 1997, lima sa probinsya ng mga Muslim ang kasama sa anim na pinakamahirap na probinsiya ng ating bansa na binubuo ng 74 na probinsiya.



## Magbalik-aral Tayo

1. Talakayin ang mga problemang kinasangkutan ng mga taong taga-Mindanao noong panahon ng Kastila, Amerikano at pagkatapos ng ating pagiging malayang bansa.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Sumasang-ayon ka ba na ang problema ng mga taong taga-Mindanao ay nararanasan pa rin nila hanggang sa kasalukuyang panahon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Sa unang bahagi ng araling ito, sinasabing ang Mindanao ay isang mayaman at masaganang isla. Kung totoo man ito, ano ang mga dahilan kung bakit 5 sa 13 nitong probinsiya ay kasama sa pinakamahirap na probinsiya ng ating bansa?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Pagkatapos mong sagutan ang mga tanong, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 46–47 ng modyul na ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin

Ang pagkamulat sa damdaming nasyonalismo ng mga moro ay nagsimula nang mangyari ang "Jabidah Massacre" noong Marso 1968. Humigit-kumulang sa 23 bagong sanib sa sandatahang hukbo ng ating bansa na taga-Sulu at Tawi-tawi (mga bahagi ng Mindanao na ang karamihan ay Muslim) ang sinasabing nasawi at pinatay ng kanilang mga pinuno sa isla ng Corregidor. Subalit ang mga alegasyong ito ay pinabubulaan ng ating pamahalaan.

Masasabi rin na noong panahon ng mga Kastila at Amerikano ang mga Muslim ng Mindanao ay walang damdaming nasyonalismo bilang isang Muslim o Moro. Sila-silay (magkakaibang grupo ng mga Muslim) nag-aaway-away din. Ang mga Filipinong Muslim noon ay tinatawag na Moro.

Ayon kay Vitug at Gloria, "ang Pilipinas ay magsasanay sana ng espesyal na hukbong pansandatahan na pinangalanang "Jabidah" para gumawa ng kaguluhan sa Sabah, Malaysia." Karamihan sa mga nakumbinsi nilang sumali ay galing sa iba't ibang bahagi ng Mindanao dahil karamihan sa mga Filipinong Muslim na taga-Mindanao ay naninirahan na sa Sabah. Kung magkaroon man ng digmaan sa pagitan ng Malaysia at Pilipinas inaasahang ang mga Filipinong Muslim na naninirahan sa Sabah ay kakampi at tutulong sa Pilipinas.

Ang mga bagong sanib sa hukbong sandatahan ay pinangakuang babayaran ng halagang ₱50.00 isang buwan bilang sahod, pero wala silang natanggap na kahit na anong halaga. Ang pagkaing ibinigay sa kanila ay kakaunti at pinatulog sila sa mga papag lamang. Dahil sa kaawa-awa nilang kalagayan sa Corregidor, ang mga bagong sanib na sundalo ay sumulat para ireklamo ang kanilang kalagayan sa Presidente ng Pilipinas noon na si Ferdinand Marcos. Mga ilang araw ang nakalipas matapos maipadala nila ang sulat, nabawasan ang bilang ng mga bagong sanib sa hukbo dahil sa alegasyong sila'y "pinatahimik" ng kanilang mga pinuno. Hanggang sa ngayon, hindi pa matukoy ang dahilan ng kanilang pagkamatay.

Ang pagkamatay ng mga sundalong Muslim ang nag-udyok na maghimagsik ang mga Muslim. Ang panahong 1968 –1971 ay itinuturing na panahon ng pag-aaklas ng mga estudyante at pagpukaw ng damdaming nasyonalismo ng mga Muslim. Napagtanto ng mga Muslim na sila'y may sariling kasaysayan at pagkakilanlan tulad ng mga ibang Filipino rin. Sa panahon ding ito nabuo ang organisasyong Moro National Liberation Front (MNLF), at nagsimula na ang kanilang pagsisikap na maging hiwalay na bansa.

## Magbalik-aral Tayo

a. Sa palagay mo, paano naging udyok ang "Jabidah Massacre" sa paghihimagsik ng mga Muslim?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

b. Bakit gusto ng MNLF na maging hiwalay na bansa ang Mindanao sa Pilipinas?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 47 ng modyul na ito.

## Basahin Natin

Basahin ang sumusunod na bahagi ng ilang mga artikulo na tumatalakay sa posibleng mga ugat ng kaguluhan sa Mindanao.

### Tatlong Dekada ng Pagdanak ng Dugo

Ang mga Muslim o Moro at mga katutubong Lumad, na ngayon ay kakaunti ang bilang kaysa sa "karamihang Filipino" na binubuo ng mga Kristiyanong nagmula sa mga nanirahan sa hilaga at gitnang bahagi ng Pilipinas ay iginigiit ngayon ang kanilang karapatan sa lupaing minana nila sa kanilang mga ninuno, ganoon din ang karapatan nilang mamuhay sa sariling pamamahala.

******

Ang pananakop sa ating bansa ang simula ng isang proseso ng pagbabago ng demograpiyang anyo ng Mindanao. Ito ang nagsimula ng pang-aagaw ng mga lupain ng mga katutubong taga-Mindano na minana pa nila sa kanilang mga ninuno. Ito rin ang naging sanhi ng malaon nang di magandang pagtingin sa iba't ibang etnolingguwistikong grupo ….. Sa unang bahagi ng taong 1970, ang Bangsamoro (Bansang Muslim) ay nagkaisa upang itaguyod ang kanilang pagsisikap na maging isang malayang bansa, isang pagsisikap na napagkamalang hidwaan ng mga Muslim at Kristiyano.

Libo-libong dayo ang dumadagsa linggo-linggo noong taong 1960 sa Mindanao. Ang pagdating nila ay lalong nagpalala sa pag-aagawan ng mga lupain na lalong nagpasidhi sa hidwaan ng mga Muslim at ang paniniwala ng karamihan sa pamamaraan ng pag-angkin ng lupain.

Bilang epekto ng mga pagdagsa ng maninirahan sa Mindanao noong 1960s' ang bilang ng mga Muslim ay nabawasan at sila'y nabibilang na lang sa may 25% ng populasyon ng buong Mindanao mula sa may 75% na bilang noong simula pa lamang ng siglo….. Habang ang Mindanao ay nagbibigay ng malaking bahagi sa ating kabang-bayan, maliit lamang ang naibabalik dito ng ating pamahalaan sa anyong inprastraktura at serbisyong sosyal, lalong-lalo na sa ating mga kababayang Muslim.

****

"Ang hindi pantay-pantay na pagbabahagi ng kayamanan. Samantalang ang Mindanao ay nakapagbibigay ng mga tinatayang 60% ng kinikita ng ating bansa, maliit lamang na bahagi ang naibabalik sa kanila upang pagkagastusan ang mga proyektong imprastraktura at serbisyo ng sosyal." Eduardo Jalil.

****

"Ang pakiramdam ng karamihan sa mga Muslin ay inaapi sila, na kung minsan, ay may katotohanan rin. Subalit, naniniwala ako na ang mga politiko ay may malaking pananagutan din sa hidwaang hindi na makontrol sa ngayon. Ang kalutasan? Pantay-pantay na pagtingin sa mga taong Moro. Madaling pagkakamit ng edukasyon, serbisyong pangkalusugan at iba pang importantent pangangailangan at pagkakaroon ng mga trabaho." Hazel Mendoza.



## Subukan Natin

Sa mga binasa mong hinango sa iba't ibang artikulo, tukuyin ang mga posibleng dahilan ng kaguluhan sa Mindanao.


_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Kung tapos mo nang sagutan ang tanong, ihambing ito sa mga talakayan sa susunod na bahagi ng modyul.



## Alamin Natin

Marami ang nagsasabi na ang ugat ng hidwaan sa Mindanao ay relihiyon at ang pagkakaiba sa mga kultura ng mga Moro at Kristiyano. Marami ring mga dalubhasa sa politika ang nagsasabi ng ang ugat ay pampolitika o sa simpleng salita, dahil sa pagpapabaya ng ating pamahalaan. Para sa mga Muslim at Lumad, sinasabi nilang ang ugat ay hindi lang ang kapabayaan ng ating pamahalaan at ang pagkaiba sa relihiyon kundi pati na rin ang pagmamay-ari sa mga lupain.

Ang hidwaan sa Mindanao ay maaaring ipagpalagay na bunga ng kahirapan, kakulangan sa politikal na pakikipag-ugnayan, hindi sapat na pagbibigay ng mga serbisyong sosyal at pangkalusugan, at kulang sa mga kaunlarang pang-imprastruktura, at iba pa. Nasasabi nga na ang Mindanao ay nakapagbibigay ng malaking bahagi sa ating kabang-bayan dahil sa masaganang lupain nito. Nasasabi rin na karamihan sa ating mga kapatid na muslim at katutubo sa Mindanao, ay hindi pa nakatatamasa ng kayamanang inaani sa masaganang lupain ng Mindanao.

Ayon kay Macapado Muslim at Rufa Cagoco-Guiam sa artikulong sinulat nila na pinamagatang *"Mindanao Land of Promise,"* "samantalang ang Mindanao ay nagbibigay ng malaking bahagi sa ating kabang-bayan, kakaunti lamang ang naibabalik sa kanila sa anyong pampublikong inprastraktura at serbisyong sosyal, lalong-lalo na sa mga lugar ng mga muslim. Darating ang panahon na hindi na kayang ayusin pa ng kanilang mga pinuno ang kaguluhan sa Mindanao na may bantang maging isang himagsikan."

Patuloy ang tensiyon o sigalot na naninirahan sa Mindanao na karamiha'y mga Kristiyanong galing sa hilaga at gitnang bahagi ng ating bansa at sa mga titinaguriang minoryang (binubuo ng mga muslim at lumad). Sanhi ng kanilang pag-aagawan sa lupa at sa mga ekonomiko at politikal na oportunidad.



## Subukan Natin

Sumasang-ayon ka ba sa nakasulat sa artikulo? Hindi at bakit hindi? Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________


Natapos mo bang sagutan ang katanungan? Kung ganoon, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 47–48 ng modyul na ito.

Maaari ring talakayin ninyo ng inyong mga kasamang nais matuto ang iyong sagot.  Maaari mo ring ipakita ang iyon sagot sa inyong kaibigan, kamag-anak, o *Instructional Manager o Facilitator.* Sumasang-ayon ba sila o hindi? Bakit at bakit hindi?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Marami ka bang natutuhan sa unang aralin? Tingnan natin. Sagutan ang palaisipang talasalitaan sa ibaba.



**Pahalang**

2. _______ ang tumutukoy sa grupo ng mga taong dati'y marami sa Mindanao ngunit ngayon ay kumokonti na.

5. Ang relihiyon ng mga Muslim.

6. Ang _______ ay rebeldeng grupo na itinatag upang itaguyod ang adhikain na maibalik ang mga lupain sa mga Moro. Ito'y itinatag Bunga ng Jabidah Massacre.

8. Sa panahong 333 taon, ang Pilipinas ay sinakop ng mga ________.

10. Ang Pilipinas ay ipinagbili ng España sa Amerika sa ilalim ng Tratado sa ____.

**Pababa**

1. Katumbas na salita para sa kaguluhan o awayan. Mula pa noong unang panahon, kilala na ang mga Muslim sa kanilang katapangan.

2. _____ ay katagang tumutukoy sa mga tao sa Mindanao na may namumukod na pagkakilanlang-pampolitikal. Ang katagang ito ay ibinigay ng mga Espanyol sa mga taga-Mindanao na may pananampalatayang Islam na tulad ng panampalataya ng grupong minsan ay sumakop sa Espanya.

3. _____ ay katagang tumutukoy sa mga grupo ng Mindanao na hindi naman muslim at hindi rin Kristiyano.

4. Ang ____ ang pangalawang pinakamalaking isla ng Pilipinas.

8. Dahil sa kagandahan at kayamanan ng kalikasang natatangi sa Mindanao, para sa maraming tao, ito ay tinaguriang lupa ng _______ .

7. _____ ang tawag sa mga mamamayan ng Pilipinas.

9. Maraming Muslim ang sinanay para maging kasapi ng espesyal na hukbo upang manggulo sa __________, Malaysia.

Natapos mo bang nasagutan ang palaisipan? Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 48 ng modyul na ito.

Mahirap ba o hindi? Tama bang lahat ang mga kasagutan mo? Kung ganoon, binabati kita. Kung hindi naman, basahing muli ang aralin.

## Tandaan Natin

Pagbati! Natapos mo na ang unang aralin. Bago mo ipagpatuloy ang pagbabasa ng susunod na aralin, basahin muna ang mahahalagang paksa para lalo mo itong matandaan:

- ♦ Ang Mindanao ay nasa katimugang bahagi ng Pilipinas. Ito ay may kabuuang lawak na 95,000 kuwadro kilometro, at tinaguriang pangalawang malaking isla ng ating bansa, pumapangalawa sa Luzon.
- ♦ Ang Mindanao ay binubuo ng iba't ibang grupong etniko o kultural at ito'y binubuo ng tatlong grupo: Muslim o Moro, Lumad at Kristiyano.
- ♦ Ang Mindanao ay isang magandang lugar subalit sa matagal nang panahon, ito'y palagiang nasasadlak sa kaguluhan at kahirapan
- ♦ Ang Jabidah Massacre ang gumising sa damdaming nasyonalismo ng mga Muslim
- ♦ Nasasabi na ang sanhi ng kaguluhan sa Mindanao ay ang pagkakaiba ng relihiyon at kultura ng mga tao, kapabayaan ng pamahalaan, at pag-aagawan sa mga lupain.

# Ang Mahabang Lakbayin Tungo sa Kapayapaan sa Mindanao

Napag-aralan mo sa Aralin 1 ang maiksing kasaysayan ng mga tao sa Mindanao at ang kanilang pagsusumikap. Natutuhan mo rin na sa gitna ng kayamanan at kagandahan ng Mindanao, ang karamihan sa mga tao rito'y nasasadlak sa kaguluhan at hirap ng buhay.

Sa araling ito, tatalakayin ang mga prosesong isinasagawa ng ating pamahalaan para sa kalutasan ng mga kaguluhan sa Mindanao. Ang mga kasunduang pangkapayapaan noong panahon nina Presidente Marcos, Aquino, at Ramos ay tatalakayin dito.

Kasama sa mga kasunduang pangkapayapaan na tatalakayin dito ay ang Tripoli Agreement na nilagdaan noong ika-23 ng Disyembre, 1976 at ang "Final Peace Accord" na nilagdaan ni Presidente Ramos at Nur Misuari, ang lider ng oposisyon at kasalukuyang gobernador ng rehiyong Muslim noong ika-2 ng Setymebre, 1996.

Pagkatapos mong basahin ang araling ito, inaasahang makakaya mong:

♦ matukoy ang mga ginagawa ng ating pamahalaan para magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao; at

♦ maipaliwanag mo ang iba't ibang tangkang pangkapayapaan na isinagawa ng iba't ibang administrasyon ng ating pamahalaan.



## Subukan Natin

Kilala mo ba ang mga taong kasangkot sa pag-ayos ng kaguluhan sa Mindanao? Tingnan natin. Sa ibaba ay may mga larawan ng mga taong may kaugnayan sa kasaysayan ng ating bansa. Sila ay kilala dahil sa kanilang mga isinagawang mga pamamaraan para lutasin ang kaguluhan sa Mindanao. Isulat ang kanilang mga pangalan sa patlang sa ibaba ng kanilang larawan.






a. ___________ b. ___________ c. ___________ d. ___________

Pagkatapos mong kilalanin ang mga larawan, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 48 ng modyul na ito. Tama ba ang pagkakilala mo sa kanila? Kung ganoon, magaling! Lalong mong matututu han ang kanilang mga ginawa upang malutas ang kaguluhan sa Mindanao habang binabasa mo ang araling ito.

## Basahin Natin

Natutuhan mo sa unang aralin na ang Mindanao ay isang magandang isla, subalit ito'y palagiang nababalot sa kaguluhan at kahirapan—na parehong sanhi at bunga ng giyera sa rehiyong ito.

Basahin ang sumusunod na artikulo tungkol sa kaguluhan sa Mindanao na nangyari noong idineklara ang Batas Militar.

### Ang Halaga ng Kaguluhan

Pagkatapos ng digmaang nangyari sa Mindanao noong 1972, tinatayang may mga 120,000 buhay ang nawala, hindi mabilang ang mga nasugatan, ang bilyon-bilyong pisong halaga ng mga nasirang pag-aari (Nuñez 1997). Dagdag pa rito ang henerasyon ng mga naulila na ngayo'y nagkatipon-tipon sa mga lugar ng Mindanao kung saan may kaguluhan. Ganoon din, may mga mahigit isang milyong mga tao ang nawalan ng tirahan at naghirap, at may mga 200,000 hanggang 300,000 na mga muslim ang tumakas patungong Sabah, Malaysia (Muslim 1994). Sa kasagsagan ng kaguluhan, naiulat na may mga 80% ng buong hukbong sandatahang Pilipinas ang nasa Mindanao. Ang yumaong Presidente Marcos ay nagsabing may mga 11,000 na sundalo ang namatay noong unang walong taong digmaan sa Mindanao.

****

Para pigilan ang hakbang ng paghihiwalay ng Mindanao sa bansang Pilipinas, ang administrasyong Marcos ay nagdagdag ng panggastos sa militar ng halos doble ng ginagastos ng ating pamahalaan para sa serbisyong pangkalusugan at pang-edukasyon. Dahil sa kaguluhan, maraming mayayamang lupa sa Mindanao ang napabayaan at mga komunidad na inabandona. Ang mga mangangalakal ay natakot. Ang mga ari-arian ay nasira at nawalan ng pangunahing serbisyo-sosyal ang mga komunidad. Ang mga lokal ng institusyong pampolitika at pang-sosyal ay humina din dahil sa pamamahala ng mga militar at ng gobyerno sa Mindanao. Napakalaki ang naging epektong-sikolohikal sa mga moro at kristiyano na dating parehong naninirahan nang matahimik sa Mindanao.

– Mario Joyo Aguja

***Pinagkunan:*** *"The Aftermath of Ethnic Violence – Post War Reconstruction in the Southern Philippines: A Preliminary Assessment of the Role of the International Community*

Ang salitang "secessionist" ay nangangahulugang "ibig humiwalay." Ang mga hakbang para humiwalay ay ginagawa ng mga grupo o organisasyong gustong humiwalay sa ating bansa, tulad ng mga muslim, na gustong magkaroon ng sariling bansang hiwalay sa Pilipinas. Gusto nilang magkaroon ng sarili at independenteng bansa sa Pilipinas, kaya ang katagang Bangsamoro (Bansa ng mga Moro).



## Subukan Natin

1. Ano ang sinasabi ng dalawang artikulo tungkol sa kondisyon ng Pilipinas noong panahon ng digmaan sa Mindanao at noong panahon ng Batas Militar? Ilarawan ang sitwasyon sa Mindanao.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Ano ang ginawa ng administrasyong Marcos para matigil ang digmaan?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 48 ng modyul na ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin



Ang naging halaga ng kaguluhan ay napakalaki, hindi lang sa usapin ng salapi kundi sa dami rin ng mga napinsala at namatay.

Noong 1975, nang ang dalawang magkatunggaling panig ay parehong may malaking pinsala, ang pamahalaan at ang MNLF ay nagkasundong humanap ng kalutasan sa kaguluhan sa mapayapang paraan. Ito ay sa tulong din ng pandaigdigang samahan ng mga bansang Islam na tinatawag na Organization of Islamic Conference (OIC).

Ang pinakalayunin ng OIC ay ang adhikain o pilosopiyang Qur'anic ng *ummah* na ang ibig sabihin ay "isang komunidad ng mga Muslim sa buong sanlibutan." Dahil dito pinilit nila ang ating pamahalaan at ang MNLF na sumailalim sa isang mapayapang pag-uusap o negosasyon.

Ang pamahalaang Marcos, na noon ay nag-aalinlangan pa, ay napilitang makipag-usap sa MNLF pagkatapos pagbanataan ng mga bansang Muslim na nagmimina ng langis na hindi tayo pagbebentahan ng langis. Sa pag-aakalang ito'y magpapalala sa humihinang ekonomiya ng ating bansa, nanawagan si Presidente Marcos na itigil na ang digmaan at binuksan ang pinto para sa mapayapang pag-uusap.

Ang dating Pangulong Ferdinand Marcos at ang lider ng MNLF na si Nur Misuari ay lumagda ng unang kasunduan ng kapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at MNLF noong ika-23 ng Disyembre 1976 sa ilalim ng negosasyon ng OIC. Ang kasunduan ay tinawag na Tripoli Agreement dahil ito ay nilagdaan sa Tripoli, Libya.

Ang hakbang para lutasin ang kaguluhan sa Mindanao sa mapayapang paraan ay nagbunga rin. Binawi ng MNLF ang kanilang panawagan para humiwalay sa Pilipinas at pumayag sa isang otonimiyang pampolitika. Sa ganoon, ang Mindanao ay nananatiling kasapi ng Pilipinas subalit may sariling pamamahala.



## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang mga susunod na tanong:

1. Ano ang nag-udyok sa dating Presidente Marcos na makipag-usap sa mga grupong sesisyonista, ang MNLF?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Ano ang papel na ginampanan ng OIC (Organization of Islamic Conference) sa paglagda ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng ating pamahalaan at ng MNLF?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

Natapos mo bang sagutan ang mga tanong? Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 49 ng modyul na ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin

### Ang Kasunduan sa Tripoli

Sa ilalim ng Tripoli Agreement, ang Palawan at labingtatlo (13) sa dalawampu't dalawang (22) probinsiya ng Mindanao at siyam (9) na lungsod sa Mindanao rin ay bibigyan ng otonomiyang pampolitika mula sa sentrong pamahalaan sa Maynila. Ang otonomiyang rehiyonal na pamahalaan ay magkakaroon ng sariling sangay ng ehekutibo, legislatibo, panghustisya at sariling puwersang pangseguridad na hiwalay sa sandatahang hukbo ng Pilipinas.

Ang mga lugar na kasali sa rehiyong otonomus ay ang sumusunod: Basilan, Tawi-tawi, Zamboanga del Sur, Zamboanga del Norte, North Cotabato, Maguindanao, Sultan Kudarat, Lanao del Norte, Lanao del Sur, Davao del Sur, South Cotabato, Sarangani, Sulu, Palawan, at ang lahat ng mga lungsod na nasasakop ng mga nabanggit na lugar.

Ang pagkalagda ng kasunduan ay hindi maayos na nangyari ayon sa inaasahan. Nagkaroon din ng hindi pagkasunduan sa mga nakasaad na probisyon. Isa na rito ay ang pagtanggi ng mga negosyador sa panig ng pamahalaan na umayon sa Talata bilang 15.

Sinasabi sa Talata bilang 15 ang pagkakaroon ng isang "pansamantalang pamahalaan" sa mga lugar na sakop ng otonomiya.

Sa iyong palagay, ano ang ibig sabihin ng "pansamantalang pamahalaan?"

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ang pansamantalang pamahalaan ay isang panandaliang gobyerno. Ang layunin ng isang pansamantalang pamahalaan ay upang isaayos ang paglipat ng pamamahala sa mga lugar na nasasakupan ng otonomiya mula sa sentrong pamahalaan sa Maynila patungo sa otonomiyang pamahalaan sa rehiyon.

Para matuloy ang kasunduan, ang dating Presidente Marcos, sa pamamagitan ng kanyang mga negosyador ay nagmungkahing magdagdag ng isa pang probisyon. Ang probisyong ito ay tinawag na Talata bilang 16. Ang talatang ito ay nagsasabi na ang "Pamahalaan ng Pilipinas ay gagawa ng lahat ng konstitusyonal na hakbangin para isakatuparan ang kasunduan."

Ano sa palagay mo ang implikasyon ng Talata bilang 16 sa pagpapatupad ng Tripoli Agreement?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Dahil sa karagdagang probisyon na iyon, hanggang sa ngayon ang Tripoli Agreement ay hindi pa rin naisakatuparan nang lubos. Ang probisyong ito ang ginamit ni Marcos at ng mga presidenteng sumunod sa kanya na magkaroon ng iba't ibang interpretasyon sa kasunduan. Ang akala ng mga MNLF ang otonomiya ng 13 probinsiya ay napagkasunduan na. Sa panig ng pamahalaan, kailangan munang dumaan ito sa plebisito o pagbobotohan muna ito ng mga taong naninirahan sa mga lugar na sasakupin. Binoykot ng mga MNLF ang plebisitong ipinatawag ni Pangulong Marcos.

Anim na buwan pagkaraan na malagdaan ang kasunduan, sumiklab uli ang kaguluhan sa Mindanao. Ito'y dahil sa hindi pagtupad ng Kasunduan sa Tripoli.



## Pag-isipan Natin




Ano ang nalalaman mo tungkol sa larawan sa itaas?
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

Ang mapayapang "People Power" noong ika-22-25 ng Pebrero, 1986 ang nagwakas sa labing-apat na taong pamamahala ni Presidente Marcos dahil sa siya ay napatalsik bilang presidente ng bansa. Siya ay pinalitan ni Corazon Aquino, ang balo ni Senador Benigno Aquino, Jr., isa sa mga katunggali ni Marcos sa politika.

Ang "People Power Revolution" noong Pebrero 1986 ay nagbigay ng pagkakataong buksan uli ang pakikipag-usap sa mga muslim. Pagkatapos, manumpa bilang presidente ng bansa, si Aquino ay nagbukas ng mga pag-uusap tungo sa kapayapaan sa mga grupong rebelde kasama na rito ang MNLF.

Nang maging presidente si Corazon Aquino, hindi naman nabahala si Nur Misuari dahil alam niyang ang yumaong asawa ng presidente na si Senador Aquino ay may simpatiya sa mga adhikain ng mga Filipinong muslim. Sa katunayan nga, nagdeklara ng suporta si Misuari sa kandidatura ni Aquino noong tumakbo siya bilang presidente. Si Gng. Aquino naman, sa panig niya ay nagpahayag ng kanyang kagustuhan na makipag-usap kay Nur Misuari para lamang magkaroon ng kapayapaan sa ating bansa. Hindi nga lang natuloy ang pakikipag-usap dahil ang proseso ng pagkakaroon ng kapayapaan ay isang masalimuot na proseso at tila nawalan na ng panahon si Gng. Aquino noong siya ang presidente. Ang kanyang panahon ay natuon sa pagsasaayos ng ating bansa at sa pagsupil sa mga tangkang pataubin ang kanyang pamahalaan ng mga sundalong rebelde.



Nagpalit ng Konstitusyon sa administrasyon ni Aquino at kasama na sa bagong Konstitusyon ang pagtatag ng mga rehiyong otonomiya sa Muslim Mindanao at sa Cordillera sa hilaga.

Ipinasa ng Kongreso ang "Organic Act for the Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM) noong ika-19 ng Nobyembre 1989. Ang batas na ito ay idinaan sa plebisito na kung saan, apat na probinsiya lamang ang pumayag na mapailalim sa bagong estrukturang otonomiya.

Sa palagay mo ba, tinanggap ng mga MNLF ang batas ng otonomiya o ang ARMM? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Kung ang sagot mo ay hindi nila tinanggap, tama ka! Hindi nga tinanggap ng MNLF ang ARMM. Sinasabi nila na hindi sila kinonsulta habang tinatalakay ang batas at sa paraang plebisito, nabawasan ang naging sakop ng otonomiya mula sa 13 probinsiya at ito'y naging apat na probinsiya na lang. Pinanindigan ng MNLF ang gusto nilang mangyari na dapat sundin ang nakasaad sa Tripoli Agreement noong 1976.

Ang pagkasabatas ng Organic Act ng ARMM ang naging pinakahakbangin ng pamahalaang Aquino para magkaroon ng tuluyang kapayapaan sa Mindanao.



## Magbalik-aral Tayo

Ang sumusunod na palaisipang talasalitaan ay may kaugnayan sa prosesong pangkapayapaan na isinagawa ng pamahalaang Aquino. Hanapin ang mga salita sa palaisipan batay sa mga palatandaan sa ibaba. Ang unang bilang ay ginawa na para sa iyo.

1. Nang napatalsik si Pangulong Marcos, siya ay pinalitan ni ____________.
2. Ang presidente na nagdeklara ng batas militar. ______________
3. Isa sa apat na mga probinsiya na bumoto sang-ayon sa otonomiya. ______________
4. Si Presidente Aquino ay gumawa ng mga hakbang para makipag-usap sa MNLF upang magkaroon ng kapayapaan sa ______________.
5. Ang buwan ng pagkapasa sa Kongreso ng batas para sa otonomiya sa rehiyong Muslim na tinatawag na "Organic Act for the Autonomous Region of Muslim Mindanao." ______________
6. Isa rin sa apat na mga probinsiyang bumoto sang-ayon sa otonomiya. ______________
7. ______________ Rebolusyon

8. Ang sagot sa bilang 7 ay kilala rin bilang _______________ Rebolusyon.

9. Ang batas na ito ay ipinasa noong ika-19 ng Nobyembre 1989 na nagbibigay ng otonomiya sa mga probinsiya sa Mindanao. ____________

10. Ang rebeldeng grupo na tumanggi sa sagot sa bilang 9. _____________

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | Q | U | I | N | O | J | I | F | D | E | S | S | M |
| A | B | Z | C | D | E | F | O | A | F | O | T | S | A |
| T | S | R | Q | P | T | A | W | I | T | A | W | I | R |
| U | X | Y | N | O | N | E | Y | P | P | L | V | Z | C |
| V | W | L | M | A | A | O | Q | A | V | I | P | X | O |
| F | J | K | D | A | I | O | B | X | C | U | O | I | S |
| L | I | N | Z | Y | A | Q | P | Y | F | D | S | A | F |
| N | I | A | B | X | S | U | L | U | E | E | Q | W | M |
| M | M | R | A | W | D | F | G | C | X | M | E | R | N |
| F | E | D | C | V | E | U | O | P | Q | R | B | E | Y |
| G | H | S | T | U | P | I | V | B | A | P | U | R | O |
| O | N | M | L | K | J | Y | U | J | I | E | O | U | E |
| P | Q | R | R | E | W | O | P | E | L | P | O | E | P |

Natapos mo bang sagutan ang palaisipan? Kung ganoon, magaling! Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 49 ng modyul na ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin

### Ang Administrasyon ni Ramos

Patuloy pa rin ang kaguluhan sa Mindanao. Ito'y nagpapakita lamang na hindi sapat ang nagawa ng naunang administrasyon para lutasin ang kaguluhan sa Mindanao. Ang mga naunang pamahalaan ay hindi nagtagumpay na lutasin ang kaguluhan sa Mindanao dahil ang hindi lamang ang armadong pag-aalsa ang problema dito. Ang dahilan ay may kaugnayan sa ekonomiya, politika at hindi pantay-pantay na pagtingin sa mga taong may katutubong kultura sa Mindanao. Sa pamamagitan ng pagsaayos sa mga nabanggit na dahilan, ginawang adhikain ng Pangulong Ramos na maresolba ang krisis sa Mindanao.

Makaraan ang 20 taon matapos malagdaan ang Tripoli Agreement, ang pamahalaang Ramos ay gustong lutasin ang kaguluhan sa Mindanao sa pamamagitan ng pagbibigay ng pag-asang isakatuparan ang kasunduan. Nagsimulang makipag-usap sa MNLF si Ramos. Ginamit niya ang kasunduan sa Tripoli bilang balangkas ng kanyang administrayon para ayusin ang kaguluhan sa Mindanao. Gumawa na rin ang pamahalaan ni Ramos ng mga hakbangin para paunlarin ang rehiyong Mindanao.

Noong ika-2 ng Setyembre, pagkalipas ng apat na taon na masinsinang pakikipag-suap, nilagdaan ni Pangulong Ramos at ni Nur Misuari ang tinatawag na "Final Peace Agreement in Mindanao." Pagkatapos malagdaan ang kasunduan, sinabi ni Ramos na "ang kasunduang ito ang kasagutan sa ating inaasam-asam na kapayapaan at kaunlaran para sa lahat, lalong-lalo na ang mahihirap at naaaping mga mamamayan natin sa katimugang bahagi ng ating bansa."




## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang mga tanong:

1. Paano binalak ni Pangulong Ramos na ayusin ang kaguluhan sa Mindanao?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________


2. Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit sumang-ayon si Misuari na lumagda sa Final Peace Agreement na inihain ng pamahalaan?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Kung tapos mo nang sagutan ang mga tanong, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50 ng modyul na ito.



## Pag-aralan Natin

### Ang Pinakahuling Kasunduang Pangkapayapaan






Para mapagbigyan ang kahilingan ng mga moro para lutasin ang kanilang pangangailang pangkaunlaran, kakulangan sa pang-ekonomiya, at politikal na oportunidad, ang pagsasakatuparan ng Pinakahuling Kasunduang Pangkapayapaan ay nahahati sa dalawang bahagi.

Ang unang yugto ay binubuo ng tatlong-taong paglilipat ng binubuong kumpiyensa at kasama rito ang paghalal kay Nur Misuari bilang gobernador ng ARMM. Ang pangalawang bahagi ay ang pagtupad ng kasunduan na mabigyan ng otonomiya ang mga probinsiyang pumiling mapasailalim ng otonomiya.

**Unang Bahagi: Pagkakaroon ng Tiwala**

- Paglikha ng "Special Zone of Peace and Development" (SZOPAD) na binubuo ng 14 sa 24 na probinsiya at siyam na lungsod ng Mindanao.





Ang labing-apat (14) na probinsiya ay ang sumusunod: Basilan, Sulu, Tawi-tawi, Zamboanga del Sur, Zamboanga del Norte, North Coatabato, Maguindanao, Sultan Kudarat, Lanao del Norte, Lanao del Sur, Davao del Sur, South Cotabato, Sarangani at Palawan.

Ang siyam (9) na lungsod ay: Cotabato, Dapitan, Dipolog, General Santos, Iligan, Marawi, Pagadian, Zamboanga at Puerto Princesa.

Ang pagsasali ng mga lugar na ito sa ARMM ay nagsimulang isakatuparan sa unang bahagi o sa panahon ng transisyon na nagsimula noong Setyembre 1996 at natapos noong Setyembre 1999. Sa panahong ito, bumuhos ang mga proyektong pangkaunlaran tulad ng mga proyektong pangkabuhayan at mga imprastruktura sa mga lugar na saklaw ng SZOPAD. Inaasahang sa pagbibigay ng kaunlaran sa mga lugar na ito, sasang-ayon ang mga tao na mapasanib sa tinaguriang New Regional Autonomous Government (NRAG). Pagkatapos ng panahong transisyon, isang plebisito ang gaganapin at ang mga lugar lamang na sasang-ayon sa otonomiya ang masasama sa NRAG.

- Paglikha ng "Southern Philippines Council for Peace and Development (SPCPD)

Ang maging papel ng SPCPD ay para pamahalaan ang kapayapaan at pangkaunlarang mga adhikain sa mga lugar na sakop ng SZOPAD. Sa ganoon, ang mga proyektong pangkapayapaan at kaunlaran ay maisakatuparan. Halimbawa ng mga proyektong pangkapayapaan at kaunlaran ay: pagsasagawa ng mga daanan, mga proyektong patubig, pagdakip ng mga salarin, at pagbibigay ng mga tulong sa mga biktima o napinsala ng kalikasan.




♦ Paglikha ng "Consultative Assembly" (CA)

Ang CA ay magsisilbing paraan para marinig ang lahat ng mga karaingan o reklamo. Ang mga opinyon at mga mungkahi para pagandahin ang takbo ng SPCDP ay maaari ring mailahad sa CA. Makagagawa rin ang CA ng mga patakaran at regulasyon para sa epektibo at maayos na pagbibigay ng serbisyo ng SPCPD.

**Pangalawang Bahagi: Ang Pagbibigay ng Otonomiya**

♦ Nilikha ang NRAG noong Setyembre 1999 sa pangalawang bahagi ng pagsasakatuparan ng kasunduan

Magkakaroon ang NRAG ng sariling sistemang pang-administrasyon, ganoon din ang pagkakaroon ng representantibo sa na pamahalaang nasyonal. Magkakaroon rin ito ng sariling puwersa panseguridad, sistemang pang-edukasyon na magtuturo ng Islam, paraan sa pagpapataas ng koleksiyon sa buwis, at mga hukumang Shariah. Ang mga lugar na sasakupin ng NRAG ay malalaman sa plebisito.

Kung maraming probinsiya ang bobotong sasali sa SZOPAD, nangangahulugan lamang na nagkaroon sila ng tiwala sa ating pamahalaan. Inaasahan na pagkatapos magtagumpay ang unang bahagi ng kasunduan, ang mga rebeldeng grupo ay magbibitiw na sa kanilang adhikaing humiwalay sa ating bansa ay makontento na sa otonomiya.



## Subukan Natin

1. Paano naisakatuparan ng administrasyong Ramos ang kanyang adhikain na kunin ang tiwala ng mga tao sa Mindanao?

   _______________________________________________________________

   _______________________________________________________________

   _______________________________________________________________

2. Sa palagay mo ba makapagpapatigil ng kaguluhan sa Mindanao ang pagbibigay ng kaunlaran sa Mindanao tulad ng paggawa ng nga daan, patubig, pagbigay ng mga tulong sa biktima ng kalikasan at iba? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

Pagkatapos mong sagutin ang mga tanong, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50 ng modyul na ito.

## Alamin Natin ang iyong mga Natutuhan

A. Ibigay ang kumpletong kahulugan ng sumusunod na "acronym" at ang mga gawain ng mga ito.

1. ARMM – ________________________________________________
   ___________________________________________________________
   ___________________________________________________________
2. NRAG – ________________________________________________
   ___________________________________________________________
   ___________________________________________________________
3. SZOPAD – ______________________________________________
   ___________________________________________________________
   ___________________________________________________________
4. CA – __________________________________________________
   ___________________________________________________________
   ___________________________________________________________
5. SPCPD –_______________________________________________
   ___________________________________________________________
   ___________________________________________________________

B. Ano ang ibig sabihin ng sumusunod ng pangungusap? Piliin ang iyong sagot sa mga salitang nakalagay sa kahon sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang ng bawat pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| SPCPD | President Marcos | Tripoli Agreement |
| ARMM | Nur Misuari | President Aquino |
| November 19, 1987 | Consultative Assembly | NRAG |
| September 2, 1996 | Bangsa Moro | SZOPAD |
| OIC | President Ramos | December 23, 1976 |

1. Ang pumalit kay dating Pangulong Marcos bilang presidente ng Pilipinas pagkatapos na mapatalsik siya noong Rebolusyong EDSA. ___________________
2. Ang naging papel ng administrasyong Aquino para magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao. ___________________
3. Ang kasunduang nilagdaan ng ating pamahalaan at MNLF na nagbibigay ng otonomiya sa 13 sa 22 probinsiya ng Mindanao, Sulu at Palawan at siyam na lungsod na nasasakupan ng mga lugar na ito. Subalit, anim na buwan pagkaraan na malagdaan ito, ang kaguluhan sa Mindanao ay sumiklab uli sa pagitan ng mga puwersa ng militar at MNLF. ___________________
4. Ang petsa kung kailan ipinasa ng Kongreso ang Organic Act for ARMM. _________________
5. Ito ay unang bahagi ng pagpapatupad ng Huling Kasunduang Pangkapayapaan. Nilikha ito upang maging paraan na maipahiwatig ang mga opinyon at mungkahing mapabuti ang gawain ng SPCPD. _________________
6. Isa sa mga lumagda sa Kasunduan sa Tripoli. Siya rin ang nagdeklara ng Batas Militar. _________________
7. Isa ring nakalagda sa Kasunduan sa Tripoli at sa Huling Kasunduang Pangkapayapaan. Siya ay lider ng MNLF at nahirang na gobernador nang maitatag ang SPCPD. Siya ngayon ang kasalukuyang gobernador ng ARMM at punong-tagapamahala ng SPCPD. _______________
8. Ang petsa ng pagkalagda ng Kasunduan sa Tripoli. _________________
9. Ito ay itinatag kasama sa unang bahagi ng Huling Kasunduang Pangkapayapaan. Ang layunin nito ay upang pangalagaan ang kapayapaan at proyektong pangkaunlaran na gagawin sa mga sakop ng SZOPAD. _________________
10. Isa siya sa mga lumagda sa Huling Kasunduan ng Kapayapaan. Sa ilalim ng kanyang administrasyon niya, adhikain ang makapagdulot ng kapayapaan sa Mindanao sa pamamagitan ng mga proyektong pangkaunlaran. _________________
11. Ang petsa nang pagkalagda ng Huling Kasunduang Pangkapayapaan. _________________
12. Isang pandaigdigang organisasyon na pumilit sa ating pamahalaan na makipag-usap sa MNLF upang magkaroon ng usapang pangkapayapaan. _________________

13. Nangangahulugan itong hiwalay na bansa para sa mga Muslim ng Mindanao. _________________

14. Ang mga sasakuping lugar na ito ay kasama sa unang bahagi ng pagsasakatuparan ng Huling Kasunduang Pangkapayapaan. Lahat ng proyektong pangkaunlaran at pangkapayapaan ay ilulunsad sa mga lugar na ito. Ito ay binubuo ng Palawan at 13 sa 22 na probinsiya ng Mindanao at siyam na lungsod na sakop nito. _________________

15. Ang mga probinsiyang nasasakupan ng SZOPAD na bobotong pabor sa otonomiya ang maisasama sa bagong pamahalaan ng Mindanao. Ito ay kasama sa ikalawang bahagi ng pagtupad sa Huling Kasunduang Pangkapayapaan. _________________

Natapos mo bang sagutan ang mga tanong? Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50–51 ng modyul na ito.

## Tandaan Natin

Binabati kita at natapos mo ang pangalawang aralin. Pero bago mo simulan ang susunod na aralin, kailangang tandaan mo ang sumusunod na mahahalagang puntos:

♦ Si dating Pangulong Marcos at si Nur Misuari ang lumagda sa unang kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng ating pamahalaan at ng MNLF noong ika-23 ng Disyembre, 1976. Ang kasunduang ito ay tinawag na Tripoli Agreement at namagitan sa kasunduang ito ang "Organization of Islamic Conference."

♦ Sa ilalim ng Tripoli Agreement, bibigyan ng ating pamahalaan ng otonomiya ang 13 sa 22 probinsiya ng Mindanao, Sulu at Palawan.


♦ Ang pamahalaan ng dating Pangulong Corazon Aquino ang nagpasa ng batas na tinawag na "Organic Act for the Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM).

♦ Sa ilalim ng ARMM, apat lamang sa probinsiya ng Mindanao ang bomotong sang-ayon sila sa otonomiya. Ito ay tinanggihan ng MNLF at pinipilit nilang ipatupad ang Tripoli Agreement at kailangang kasama ang grupo nila sa pagbalangkas ng plano para sa pamamahala at kaunlaran ng Mindanao.

♦ Ang dating Pangulong Fidel Ramos at lider ng MNLF na si Nur Misuari ay lumagda sa Huling Kasunduang Pangkapayapaan (Final Peace Agreement) noong ika-2 ng Setyembre 1996 pagkaraan ng apat na taon ng masusing pakikipag-ugnayan.  Ang katuparan ng kasunduang ito ay maisasagawa sa dalawang bahagi.

- Ang unang bahagi ng pagtupad ng kasunduan ay ang pagkuha sa tiwala ng mga tao.
- Ang ikalawang bahagi ay ang pagbibigay ng otonomiya sa mga probinsiyang boboto pabor sa otonomiya.
- Ang kagalingan ng pagsasakatuparan ng unang bahagi ng kasunduan ay masusukat sa dami ng probinsiyang sasang-ayon sa otonomiya. Kung marami ang sasang-ayon sa otonomiya, nangangahulugan na nagtiwala ang mga tao sa otonomiyang ibibigay ng pamahalaan sa Mindanao.

# Ang Buhay Pagkatapos ng Usapang Pangkapayapaan: Mailap Pa Rin ang Kapayapaan



Ano ang masasabi mo sa larawan sa itaas?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Sa palagay mo, matagumpay ba ang mga kasunduang nilagdaan ng ating pamahalaan at ng MNLF sa pagbibigay ng kapayapaan sa Mindanao? Bakit sa iyong palagay?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Napag-aralan mo sa ikalawang aralin ang tungkol sa mga ginawa ng mga nakaraang administrasyon tungkol sa pagkakamit ng kapayapaan sa Mindanao. Ano pa ang susunod ng mga hakbang? Ang Huling Kasunduang Pangkapayapaan ba ay talagang panghuli na?

Sa araling ito, tatalakayin ang mga epekto ng mga kasunduang kapayapaan sa pagitan na ating pamahalaan at ng mga lider ng Mindanao sa buhay ng mga tao sa Mindanao at sa ating bansa sa kabuuan.

Pagkatapos mong basahin ang araling ito, matatalakay mo kung ang Huling Kasunduang Pangkapayapaan ay naging matagumpay o hindi.



## Pag-isipan Natin

Mayroon bang mga luma at bagong diyaryo sa bahay ninyo? Kung mayroon, ipunin mo ito at basahin ang mga balita nito. Maghanap rin ng mga artikulo tungkol sa Mindanao.

Pagkatapos mong ipunin ang mga larawan at artikulo, pag-aralan mo ito at pagnilay-nilayan ang mga isyung tinatalakay dito.


Ano ang mga ipinapahiwatig nito tungkol sa sitwasyon sa Mindanao? Maglista ng maraming maisasagot sa mga patlang sa ibaba.

a. ____________________________________________________________
b. ____________________________________________________________
c. ____________________________________________________________
d. ____________________________________________________________
e. ____________________________________________________________


Sa palagay mo ba ay may kapayapaan na sa Mindanao?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

Sa susunod ay mga larawan na nagpapakita ng sitwasyon sa Mindanao. Ilarawan mo ang iyong mga naiisip mo tungkol dito at isulat ang iyong sagot sa mga patlang sa ilalim ng mga larawan.



____________________________
____________________________
____________________________
____________________________



____________________________
____________________________
____________________________
____________________________

Natapos mo na bang isulat ang mga naisip mo tungkol sa mga larawan sa Mindanao? Walang mali o tamang sagot rito, kaya huwag kang mag-alala. Ipagpatuloy ang iyong pagbabasa para lalo mong maintindihan ang mga isyu sa Mindanao.

Ang mga larawan ay nagpapakita ng mga sitwasyon ng kabuhayan ng mga tao sa Mindanao. Sa unang larawan, makikita mo ang mga kaguluhan na nangyayari sa Mindanao, noong wala pa at pagkatapos nang malagdaan ang kasunduan. Sa susunod na larawan, pansinin na ang lugar ay hindi maunlad at ang mga tao'y naghihirap.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Sumiklab na naman kamakailan ang kaguluhan sa pagitan ng mga rebeldeng Muslim at mga puwersa ng pamahalaan. Ang mga pangungusap sa ibaba ay nagsasalaysay nangyari sa Mindanao mga ilang taon pa lang ang nakalipas nang malagdaan ang Huling Kasunduang Pangkapayapaan.

**Setyembre – Disyembre 1996**

- Ang Huling Kasunduang Pangkapayapaan ay nilagdaan noong ika-2 ng Setyembre.
- Ang MILF, isa pang rebeldeng grupo, ay dumistansiya sa kasunduang pangkapayapaan, subalit nangakong hindi magiging sagabal para sa kapayapaan.
- Si Misuari ay kumandidato bilang gobernador ng ARMM at nanalo.
- Si dating Pangulong Ramos ay nagpalabas ng "Executive Order 371" na nagsasaad ng mga proyektong ilulunsad sa SZOPAD. Ang ilan sa mga proyekto ay may kaugnayan sa serbisyong pangkalusugan, pangkalinisan, edukasyon, pabahay, patubig, paggawa ng mga daan at tulay, mga pasilidad sa komunikasyon, agrikultura, at iba pa.
- Ang pamahalaan ang naglikha ng panibagong grupong makiharap at makipag-usap sa MILF sa buwan ng Oktubre.
- Ang MILF ay nagdaos ng isang malaking pagtitipon-tipon sa malapit sa Cotabato City noong ika-3-5 ng Diyembre ng taong 1996 para ipahayag muli ang kanilang adhikaing magkaroon ng sariling bansa – isang hiwalay na bansa para sa mga Muslim ng Mindanao.

**1997**

- Puspusang pakikipaglabanan ang namagitan sa MILF at mga puwersa ng pamahalaan at higit isang daan ang namatay.
- Hindi natuloy ang nakatakdang miting para mag-usap ang MILF at pamahalaan sa buwan ng Pebrero dahil sa pagsiklab ng labanan.
- Isang malaking opensiba ang inilunsad ng mga hukbong sandatahan noong buwan ng Hunyo. Noong Hulyo, isang kasunduan ang pansamantalang nagpatigil ng labanan.
- Nagkaroon ng sunod-sunod na pag-uusap sa pagitan ng dalawang grupo.

**1998**

- Nahalal ang bagong presidente ng Pilipinas – si Joseph Estrada. Sinasabi na may mga kaalyado sa politika ang bagong presidente na tutol sa usapang pangkapayapaan.
- Ang mga politikong laban sa usaping pangkapayapaan ang karamihang nanalo noong nakaraang halalan. Ang mga lider ng mga MNLF ay natalo sa halalan sa mga posisyong lokal na pamamahala.
- Isang bagong grupo ang patuloy na nakikipag-ugnayan sa MILF.

**1999**

- Ang buwan ng Setyembre ang nakatakdang katapusang buwan para tapusin ang unang bahagi sa pagsasakatuparan ng Huling Kasunduang Pangkapayapaan.
- Mga bagong pagsiklab ng labanan ang namagitang muli sa MILF at puwersang militar ng Pilipinas at sinundan ito ng muling pagdeklara ng tigil-putukan.



## Subukan Natin

Sagutin ang sumusunod na tanong:

Ika-2 ng Setyembre, 1999 ang huling buwan ng pagsasagawa ng unang bahagi ng Huling Kasunduang Pangkapayapaan. Sa ika-3 ng Setyembre ng taon ding iyon, isinasagawa na dapat ang ikalawang bahagi ayon sa kasunduan. Kasama na rito ang pagbibigay ng ganap na otonomiya sa mga probinsiyang kasama sa SZOPAD na bumoto sang-ayon sa otonomiya. Sa palagay mo ba ay nakamtan ng pamahalaan ang tiwala ng mga tao sa SZOPAD? Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Natapos mo na bang sagutan ang tanong? Kung ganoon, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 51–52 ng modyul na ito.

Talakayin mo ang iyong sagot kasama ng iyong mga kapwa mag-aral o nais matuto, o iyong kaibigan, o kamag-anak. Maaari mo ring ipabasa ang iyong sagot sa inyong Instructional Manager o Facilitator. Tingnan mo kung sumasang-ayon sila sa iyong sagot. Bakit at bakit hindi?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________



## Pag-isipan natin


Basahin ang pinaikling talumpati ni Fr. Eliseo R. Mercado, tagapangulo ng "Interim Ceasefire Committee" at presidente ng Notre Dame University, na binigkas niya sa Conference-Workshop on the Implementation of the 1996 Peace Accord at sa Ongoing GRP-Peace Talks noong Nobyembre 1998.


> "Ang ating mga mamamayan ay patuloy na naghahanap ng kongkreto at tiyak na bunga ng Kasunduang Pangkapayapaan, lalong-lalo na iyong nasa mahihirap na komunidad sa loob ng mga bayan at lungsod na sakop ng SZOPAD. Ang mga tao sa lugar na ito ay hindi naman humihingi nang labis …… Ang tanging gusto lamang nila ay ang kagyat na pakikialam ng ating pamahalaan para matugunan ang mga importanteng pangangailangan nila na dapat sanay natutugunan na ng iba't ibang mga sangay ng ating pamahalaan sa pangkaraniwan nilang paninilbihan. Ang ilan sa mga importanteng pangangailanngan ay ang pagkakaroon ng malinis at ligtas na inuming tubig, disenteng tirahan, maayos na serbisyong pangkalusugan kasama na rito ang mga kailangang kagamitan, tauhan at gamot, desente at kumpletong silid-aralan na may mga gurong lisensyadong magturo at may mga librong magagamit; maayos na daanan mula sa kanilang mga bukirin patungo sa lugar ng kalakalan, mga kagamitan na kailangan para sa kanilang mga produktong agrikultura, malapitang mga institusyong pinansiyal para sa pautang na may mababang interes na magagamit sa agrikultura at ganoon din sa puhunan para sa maliit na negosyo, at mga programang magtuturo ng mga kakayahang pangkabuhayan, ganoon din ang iba pang mga programang pangkabuhayan."




## Magbalik-aral Tayo


A. Tukuyin ang mga importanteng serbisyo na dapat maibigay sa mga tao na sakop ng SZOPAD bilang katuparan sa Pangkapayapaang Kasunduan noong 1996.








a. ____________________ b. ____________________ c. ____________________






d. ____________________ e. ____________________

B. Sa palagay mo ba, ang pagkabigo ng pagbibigay ng mga importanteng serbisyo sa mga taong sakop sa SZOPAD sa unang bahagi ng kasunduan ang dahilan sa patuloy na kaguluhan sa Mindanao? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

Kung tapos mo nang sagutan ang mga tanong, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 53 ng modyul na ito.



## Alamin Natin

Siguro'y nakita mo sa telebisyon, narinig mo sa radyo o nabasa mo sa mga diyaryo na ang kaguluhan sa Mindanao ay patuloy na kumikitil ng buhay at sumisira ng mga ari-arian. Ang karahasan sa pagitan ng mga rebelde at mga sundalo ng pamahalaan ay patuloy na sumisiklab kahit na may nalagdaang mga kasunduan sa kapayapaan sa pagitan ng MNLF at ng administrasyon ni Ramos.

Bakit ganito? Ibig bang sabihin nito ay hindi epektibo ang kasunduang kapayapaan sa Mindanao?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Ang kasunduan ay maaaring naging tatak ng pagtutulungan at pag-uunawaan ng pamahalaan at MNLF. Subalit, hangga't hindi ipinapakita ng pamahalaan ang kanyang katapatan na makagdulot ng kapayapaan sa Mindanao, ang mga tao ay patuloy na makikipaglaban para sa kanilang kabuhayan at kasarinlan.


Ito ay hindi naman nangangahulugan na walang silbi ang Kasunduang Pangkapayapaan noong 1996. Ang kasunduang ito ay isang malaking hakbangin para magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao. Hindi man nalutas ang kasunduan ang pangkalahatang suliranin ng Mindanao, ito'y isa pa ring malaking simula para makamtan ang kapayapaan sa Mindanao.

Sa katunayan, mahirap talagang magkaroon ng kapayapaan lalo na grupong rebelde kung ang ating pamahalaan ay nakikipag-ugnayan lamang sa isa. Mahalagang isa-alang-alang na mayroon pang ibang grupong rebelde sa Mindanao. Ang MILF, halimbawa, bagamat nananatiling maingat sa mga hakbangin ng ating pamahalaan nang ito'y lumagda sa kasunduang kapayapaan, ay kumikilala rin sa kapakinabangan ng usapang pangkapayapaan. Inanunsiyo rin nila na handa rin silang makipag-usap sa pamahalaan. Subalit, habang ang negosasyon sa kanilang pag-uusap ay inaayos pa lamang , sumiklab na ang labanan sa pagitan ng grupo nila at ng pamahalaan. Ang iba pang grupong rebelde ay ang NPA at ang Abu Sayyaf, na lalong mapusok at agresibo.

Ang Kasunduang Pangkapayapaan noong 1996 ay nagpapatunay lamang na ang pamahalaan at ang mga grupong rebeldeng Muslim ay handang itigil ang karahasan sa Mindanao. Subalit, ang pagkamit ng kapayapaan ay isang mahaba at masalimuot na proseso sapagkat binubuo ang Mindanao ng mga taong may iba't ibang kultura. Ito siguro ang dahilan kung bakit hanggang sa ngayon, ang kapayapaan sa Mindanao ay nananatiling mailap.

## Alamin Natin ang iyong mga Natutuhan

A. Nasubukan mo na bang sumagot ng palaisipan? Sa ibaba ay may isang palaispan na iyong sasagutan.



B. Ano ang ibig sabihin ng palaisipan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

C. Anu-ano ang mga hadlang para sa kapayapaan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

D. Magsulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa pangungusap sa ibaba.

"Ang Kapayapaan ay Nananatiling Mailap sa Mindanao."

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________


Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 53–54 ng modyul na ito.



## Tandaan Natin

- ♦ Sa kabila ng pagkabigo ng pagbibigay ng mga kailangang serbisyo sa mga tao sa Mindanao bilang pagtutupad sa unang bahagi ng Huling Kasunduang Pangkapayapaan, ang nilagdaang kasunduan ay nananatiling malaking hakbang para magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao.
- ♦ Lubhang mahirap magsagawa ng para sa kapayapaan sa Mindanao dahil sa mga tao dito'y may iba't ibang kultura. Magkaka-iba sila sa maraming bagay. Hangga't hindi sila natutong manirahang magkasama sila nang mapayapa, ang kapayapaan sa kanilang lugar ay mananatiling isang panaginip na mahirap abutin.

Binabati kita! Ito na ang huling bahagi ng modyul. Nagustuhan mo ba ang modyul? Naintindihan mo ba ang kaguluhan sa Mindanao? Kung ganoon, mabuti naman. Kung hindi naman, huwag kang mag-alala. Pag-aralan mong muli ang modyul at baka sa susunod ay maintindihan mo na. Pagbutihan mo!



## Ibuod Natin

Sa modyul, napag-alaman mo na:

- ang kaguluhan sa Mindanao ay maaaring dulot ng iba't ibang relihiyon at kultura ng mga tao sa Mindanao, kapabayaan ng pamahalaan, at pag-aagawan sa mga lupain ng Mindanao;
- ang pagkaroon ng kapayapaan sa Mindanao ay isang masalimuot na proseso. Ang mga Filipino ng Muslim, tulad ng ibang grupong etniko ay naghahangad lamang ng kapayapaan, kaunlaran, partisipasyon sa pamamahala, pagkilala at pagrespeto sa kanila bilang mga Filipino;
- mahalaga na alam natin ang iba't ibang isyu tungkol sa Mindanao dahil ang mga ito'y may kaugnayan sa ating bansa at ating mga kababayan.



## Anu-ano ang mga Natutuhan mo?

Sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Isa-isahin at ipaliwanag ang mga posibleng dahilan ng kaguluhan sa Mindanao.

2. Ipaliwanag ang iba't ibang hakbanging isinagawa ng mga nakaraang administrasyon – Marcos, Aquino at Ramos. Patungo sa kapayayapaan sa Mindanao.

3. Bakit hindi pa rin malutas ang kaguluhan sa Mindanao?

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 54–56 ng modyul.

Maaari ring talakayin mo ang iyong sagot kasama ng iyong kapwa mar-aaral, mga kaibigan, mga kamag-anaka o *Instructional Manager o Facilitator.* Sumasang-ayon ba sila o hindi sa iyong opinyon? Bakit at bakit hindi?

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

1. d
2. d
3. c
4. b
5. a
6. b
7. a
8. c
9. c
10. b

## B. Aralin 1

*Pag-isipan Natin (pahina 5)*

Ito ang mga probinsiyang bumubuo sa Mindanao:

1. Zamboanga del Norte
2. Zamboanga del Sur
3. Basilan
4. Sulu
5. Tawi-tawi
6. Camiguin
7. Surigao del Norte
8. Misamis Occidental
9. Misamis Oriental
10. Agusan del Norte
11. Agusan del Sur
12. Bukidnon
13. Surigao del Sur
14. Davao Oriental
15. Davao
16. Davao del Sur
17. South Cotabato
18. Lanao del Norte
19. Lanao del Sur
20. Maguindanao
21. North Cotabato
22. Sultan Kudarat

*Subukan Natin (pp. 5–6)*

1. Maria Cristina Falls
2. Lanao Lake
3. Tinalak na tela
4. Philippine Monkey-Eating Eagle
5. Mt. Apo
6. Sulu – sea gypsies
7. Davao at Zamboanga – durian at lanzones
8. Davao – plantasyon ng saging at pinya

*Pag-isipan Natin (pahina 10)*

1. Muslim
2. Lumad
3. Kristiyano

*Magbalik-aral Tayo (pahina 13)*

1. Halimbawang sagot:

    Noong panahon ng pananakop ng Kastila, karamihan sa naninirahan sa Mindanao ay mga Muslim at Lumad. Buong tapang nilang pinagtanggol ang kanilang lupain laban sa pananakop ng mga Kastila. Subalit ang kanilang katapangan ay ipinagpalagay ng mga Kastila at ng mga Kristiyanong Filipino bilang karahasan. Ito ang dahila kung bakit hanggang ngayon, ang mga Muslim ay kinikilala bilang mga lahing marahas.

    Nang dumating ang mga Amerikano, itinaboy sa mga katutubo nilang lupain ang mga Muslim. Nangyari ito sapagkat ipinatupad ang patakarang iparehistro ang mga lupa. Ang mga hindi rehistradong mga lupa ay bukas para bilhin, tirahan, o pagminahan ng mga interesadong mamamayan. Maraming lupain sa Mindanao ng tinaniman ng iba't ibang prutas at goma na pagmamay-ari ng malalaking kompanya at mayayamang tao.

    Ang mga Moro at Lumad ay nahirapang magparehistro ng kanilang mga lupain at inagawan sila ng kanilang mga katutubong lupain sa panahon ng pamahalaan Komonwelt. Sa mga panahong ito, ang mga taga Luzon at Visayas ay hinikayat ng pamahalaan na manirahan sa Mindanao. Ito ay dahil kakaunti pa lamang ang mga taong naninirahan sa Mindanao kung ikukumpara sa Luzon at Visayas, maliban pa rito, ang Mindanao ay may mayamang mga lupain. Dahil dito, maraming mga katutubong taga Mindanao ang nawalan ng lupain at ang paglaki ng populasyong Kristiyano ang naging simula ng kaguluhan sa pagitan ng mga Kristiyano at mga katutubong kultural na grupo sa Mindanao. Ang pag-unlad ay nakatuon lamang sa mga lugar ng Kristiyano. Ang mga Moro at Lumad ay nagsimulang humingi ng parehong pagtrato mula sa pamahalaan.

2. Halimbawang sagot:

    Oo, naniniwala ako na ang mga suliraning hinaharap ng mga Moro at Muslim ngayon ay pareho pa rin sa mga suliraning naranasan nila noong unang panahon pagkatapos nating maging isang malayang bansa. Ang mga Moro at Lumad ay nagsusumikap pa ring makamtan ang kanilang mga katutubong lupain at humihingi pa rin sila ng pantay na karapatan at pagkakataon sa ekonomiya at politika. Ang ibang mga agresibong grupo sa Mindanao ay nagsusumikap na magkaroon ng sariling bansa sapagkat sa pakiramdam nila mahabang panahon na ang nakalipas at ang mga suliraning kanilang kinakaharap ay hindi pa rin nalulunasan.

Hindi. Ang mga problema noon ng mga Lumad at Moro ay matagal nang nalutas. Halimbawa, sa panahon ng pamamahala ni Ramos, binigyan niya ng prayoridad ang kaunlaran sa Mindanao. Nilagdaan niya at ng Moro National Liberation Front ang kasunduan na magpapabalik ng kapayapaan sa rehiyon.

3. Halimbawang sagot:

   Ang lugar na Mindanao ay isang lugar kung saan makikita mo ang pagkakaiba ng karangyaan at kahirapan. Totoo na ang Mindanao ay may mayamang mga lupain. Dahil dito, maraming mga tao ang nagnanais na maangkin ang mga lupaing ito kahit na mawalan pa ang mga katutubong taga Mindanao na siyang dating nagmamay-ari sa mga lupaing ito.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 15)*

a. Ang Jabidah Massacre na may kagagawan sa may higit kumulang na pagkamatay ng 23 bagong-saping mga Muslim, ang nagpasiklab sa damdaming nasyonalismo ng mga Filipinong Muslim. Ito ang nagmulat sa kanila para makita nila na may sarili silang kultura, pagkakilanlan at kasaysayan na naiiba sa karamihang mga Filipino.

b. Nais ng Moro National Liberation Front na magkaroon sila ng sariling bansang hiwalay sa Pilipinas dahil napagtanto ng mga Muslim na sila ay may sariling kasaysayan at identidad na hiwalay sa karamihang mga Filipino. Pakiramdam din nila na noon ay hindi sila binibigyan ng pamahalaan ng sapat na pangangailangan nila. Napaalis sila sa kanilang mga katutubong lupain at itinuring bilang pangalawang uri mamamayan lamang. Ang Jabidah Massacre para sa mga Muslim ay isang maliwanag na halimbawa ng hindi magandang pagturing ng karamihang Filipino sa mga Muslim.

*Subukan Natin (pahina 17)*


Halimbawang sagot:

Sumasang-ayon ako sa nilalaman ng mga artikulo na ang pagkakaiba ng relihiyon ay hindi ang tanging dahilan ng kaguluhan sa Mindanao. Sa palagay ko, ang kaguluhan sa Mindanao ay may mas malalim pang ugat. Ang ilan dito, ay ang kahirapan, kulang na partisipasyon sa lokal na politika o pamamahala, kulang na serbisyo sa pangkalusugan at mga serbisyong sosyal, kulang sa mga pangkaunlarang proyekto tulad ng imprastraktura. Ang mga ito ang ilang sa mga dahilan kung bakit patuloy pa rin ang kaguluhan sa Mindanao. Dahil sa nagkulang ang pamahalaan sa pagbigay sa kanila ng kanilang mga pangangailangan, ganoon din ng mga pagkakataon na karaniway natatamasa ng mga ibang Filipino, ang mga grupong rebeldeng Muslim ay nabuo at nagsimulang humingi ng mga karapatang sa palagay nila'y nararapat din nilang makamtan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 18–19)*

Hindi ako samasang-ayon sa nilalaman ng artikulo. Ginagawa ng pamahalaan ang kanyang makakaya para maibigay ang mga pangangailangan ng lahat ng mga Filipino.

A.




## B. Aralin 2

*Subukan natin (pahina 20)*

a. Marcos

b. Aquino

c. Ramos

d. Misuari

*Subukan Natin (pahina 22)*

1. Ang dalawang artikulo ay nagpapakita ng laki ng kapinsalaan na nangyari sa ating bansa lalo na sa Mindanao noong 1970s’. Ang digmaan sa Mindanao ay sumiklab halos kasabay nang magdeklara si Pangulong Marcos ng Batas Militar. Sa panahon ng digmaan, ang bilang ng mga namatay ay tinatayang umabot sa 120,000 at hindi mabilang na mga nasugatan. Maraming tao ang nawalan ng tirahan ang marami sa mga Muslim ay nagsilikas patungong Sabah, Malaysia.

2. Sa tangkang ayusin ang kaguluhan sa Mindanao, ang administrasyong Marcos ay nagdagdag pa ng pondong gagastusin ng mga militar sa Mindanao at nagpadala rin ng maraming mga tropa ng sundalo doon.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 23)*

1. Ang dating Pangulong Marcos ay nakipagkasundo sa grupong MNLF dahil sa lumalalang kaguluhan sa Mindanao. Ang pamahalaan ay pinilit din ng pandaigdigang grupong Organization of Islamic Conference (OIC) na makipagkasundo. Ang Presidente ay napilitang makipag-usap dahil sa tangka ng mga bansang may mina ng langis, na karamiha'y mga bansang Islam, na hindi tayo pagbilhan ng langis.

2. Ang Organization of Islamic Conference ay may malaking papel na ginampanan sa pagkalagda ng kasunduan sa pagitan ng pamahalaan at ng MNLF. Pinuwersa ng OIC ang dalawang panig na ayusin ang kaguluhan sa Mindanao sa mapayapang paraan. Kinumbinsi nito ang MNLF na makipag-usap sa pamahalaan, ganoon din ang pagpilit nito sa ating pamahalaan na buksan ang pakikipag-usap sa MNLF. Ang OIC rin ang nagsilbing tagapamagitan sa pag-uusap ng dalawang panig tungo sa kasunduang pangkapayapaan.

*Magbalik-aral Tayo (pp. 26–27)*

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | Q | U | I | N | O | J | I | F | D | E | S | S | M |
| A | B | Z | C | D | E | F | O | A | F | O | T | S | A |
| T | S | R | Q | P | T | A | W | I | T | A | W | I | R |
| U | X | Y | N | O | N | E | Y | P | P | L | V | Z | C |
| V | W | L | M | A | A | O | Q | A | V | I | P | X | O |
| F | J | K | D | A | I | O | B | X | C | U | O | I | S |
| L | I | N | Z | Y | A | Q | P | Y | F | D | S | A | F |
| N | I | A | B | X | S | U | L | U | E | E | Q | W | M |
| M | M | R | A | W | D | F | G | C | X | M | E | R | N |
| F | E | D | C | V | E | U | O | P | Q | R | B | E | Y |
| G | H | S | T | U | P | I | V | B | A | P | U | R | O |
| O | N | M | L | K | J | Y | U | J | I | E | O | U | E |
| P | Q | R | R | E | W | O | P | E | L | P | O | E | P |

1. Corazon **Aquino**
2. Ferdinand **Marcos**
3. Tawi-Tawi/Sulu
4. Mindanao
5. November
6. Sulu/Tawi-tawi
7. EDSA
8. People Power
9. ARMM
10. MNLF

*Magbalik-aral Tayo (pahina 28)*

1. Si Presidente Ramos ay nagplanong ayusin na ang kaguluhan sa Mindanao sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga proyektong pangkaunlaran sa rehiyon, ganoon din ang otonomiya sa pamamagitan ng plebisito.

2. Si Misuari ay sumang-ayon na lagdaan ang Huling Kasunduang pangkapayapaan dahil nagpakita ang pamahalaan ng katapatan na tuparin ang kasunduan. Dagdag pa rito, lubhang malaki na ang naugol at maraming buhay na ang nasayang gayundin ang mag naghihirap dahil sa kaguluhan sa Mindanao. Siguro'y naisip rin ni Misuari na kailangan nang pag-usapan ang tungkol sa kaguluhan at kung papaano ito maaayos nang mapayapa.

*Subukan Natin (pp. 30–31)*

1. Ang administrasyong Ramos ay may adhikain na kunin ang tiwala ng mga tao sa pamamagitan na maingat ng pagtugon sa mga suliranin. Kasama na rito ang pagbigay sa mga importanteng pangangalangan ng mga tao. Binalak ni Presidente Ramos na paunlarin ang Mindanao, hindi lamang para sa kapakanan ng pamahalaan kundi pati na rin sa kapakanan ng mga tao. Balak niyang gawing kaaya-aya ang Mindanao para sa mga mamumuhunan upang magtayo sila ng mga negosyo sa Mindanao at sa gayon, magkaroon ng hanap-buhay ang mga tao.

2. Oo, sa palagay ko ang pagbibigay ng proyektong pangkaunlaran tulad ng paggawa ng nga daan at mga gusali, patubig, tulong sa panahon ng kagipitan tulad ng gamot, pagtatayo ng hospital, mga klinika, at pagtatayo ng mga industriya ay lalong magpapaunlad sa kabuhayan ng mga tao. Ang kaunlaran ay magpapabuti sa kabuhayan ng mga tao. Ang paggawa ng mga daan, halimbawa ay makapagpapabilis sa paghahatid ng mga produktong pang-agrikultura sa mga kalakalan. Ang pagtatayo ng iba't ibang uri ng industriya tulad ng pabrika ng mga damit at pagawaan ng tela, at produktong pang-agrikultura ay makapagbibigay ng trabaho sa mga tao. Mahalagang matandaan natin na ang mga tao sa Mindanao ay natukso lamang na maging rebelde dahil sa palagay nila ay ito lamang ang makalulutas sa kanilang suliranin.

   Hindi ako naniniwala na ang pagbibigay ng kaunlaran sa Mindanao ay makapipigil sa kaguluhan sa rehiyon. Ang pagkakaiba sa patakaran ng pamumuhay at relihiyon ng mga tao sa Mindanao ay palagiang magiging dahilan ng hindi pagkakaunawaan ng bawat isa.

*Alamin natin ang iyong mga Natutuhan (pp. 31–33)*

A. 1. ARMM – Autonomous Region of Muslim Mindanao

   Ang ARMM ang naging malaking bahagi ng administrasyong Aquino para magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao. Ito ay isang otonomiyang pamahalaan na binunuo ng apat na probinsiya ng Mindanao.

   2. NRAG – New Regional Autonomous Government

Ito ang magiging bagong estruktura ng pamamahala sa Mindanao. Ang mga probinsya lamang na bobotong sang-ayon sa otonomiya ang maisasama sa bagong rehiyong may otonomiya.

3. SZOPAD – Special Zone of Peace and Development

   Ito ang pangalan ng mga lugar na nasasakupan ng mga proyektong pangkapayapaan at pangkaunlaran.

4. CA – Consultative Agency

   Naglilingkob bilang daluyan upang mapakinggan ang mga kuro-kuro at mga mungkahi para sa ikabubuti ng patakaran ng SZOPAD.

5. SPCPD – Southern Philippines Council for Peace and Development

   Ito ang namamahala sa kapayapaan at mga proyektong pangkaunlaran na itinataguyod ng SZOPAD.

B.

1. President Aquino
2. ARMM
3. Tripoli Agreement
4. November 19, 1987
5. Consultative Assembly
6. President Marcos
7. Nur Misuari
8. December 23, 1976
9. SPCPD
10. President Ramos
11. September 2, 1996
12. OIC
13. Bangsamoro
14. SZOPAD
15. NRAG

## D. Aralin 3

*Subukan Natin (pahina 38)*

Mga Halimbawang Sagot:

Oo, sa palagay ko ay nakuha ng pamahalaan ang tiwala ng mga tao sa pamamagitan SZOPAD sapagkat talagang ginawa ng pamahalaan ang makakaya nito para maging mapayapa ang Mindanao. Subalit, kailangan din nating intindihin na para makamit ang pangkapayapaan, ito ay dadaan sa mahabang proseso at panahon. Ang pagsang-ayon ng MNLF na lumagda sa isang usaping pangkapayapaan ay sapat na batayan na ang mga rebeldeng Muslim ay gusto ring magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao.

Hindi. Hindi ako naniniwala na nakuha ng pamahalaan ang tiwala ng mga tao dahil kung nangyari ito, wala na sanang kaguluhan sa Mindanao. Isang dahilan kung bakit bigo ang ating pamahalaan ay dahil sa pagpalit ng administrasyon. Hindi sila sigurado na magiging tapat ang administrayong Estrada sa pagpapatupad ng kasunduan. Sa kasamaang palad, isa sa mga grupong rebelde ay nangkidnap ng mga Filipino at mga dayuhan. Ito ang nag-udyok sa Pangulong Estrada na magdeklara ng patakarang "all-out war" sa Mindanao. Napaalis si Estrada bilang presidente at may bagong presidenteng naideklara. Para maging matagumpay ang kasunduan, dapat itong ipatupad ng bagong pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga proyektong pangkaunlaran na ipinangako ng dating pamahalaan sa mga tao ng Mindanao.

*Magbalik-aral Tayo (pp. 40–41)*

A. a. malinis at ligtas na inumin

b. serbisyong pangkalusugan

c. disenteng tirahan

d. edukasyon – mga kagamitan sa paaralan


e. transportasyon – mga daan at tulay

B. Oo, sa palagay ko ang kabiguan ng unang bahagi ng kasunduang pangkapayapaan na ibigay ang mga importanteng pangangailangan sa mga tao ang naging dahilan kung bakit patuloy pa rin ang kaguluhan sa Mindanao. Sapagkat ang mga tao'y nanatiling mahirap, nawawalan sila ng tiwala sa pamahalaan. Maaaring iniisip nila na hindi kayang lutasin ng pamahalaan ang kanilang mga suliranin at ito'y nangangako lamang. Ang kaguluhan ay patuloy pa rin sa Mindanao dahil hinihingi pa rin nila ang mga katuparan ng mga pangako ng pamahalaan.

Hindi. Sa palagay ko'y hindi dahil nabigo ang unang bahagi ng kasunduang pangkapayapaaan na ibigay ang mga importanteng pangangailangan ng mga tao. Naging dahilan na ito para lalong matuloy ang kaguluhan sa Mindanao. Ang ugat ng kaguluhan ay higit pa sa pagkabigo ng implementasyon ng unang bahagi. Ang pamahalaan ay lumagda ng usaping pangkapayapaan sa iisang grupo lamang. May iba pang mga grupo na dapat ring makipag-usap ang pamahalaan. Bawat isang grupo ay may sariling ideyolohiya at hinihingi na naging mahirap sa ating pamahalaan na saguting lahat para lamang magkaroon ng kapayapaan. Sa ganitong sitwasyon, talagang mahirap ngang magkaroon ng kapayapaan.

*Alamin natin ang iyong mga natutuhan (pp. 41–42)*

A.



B. Ang palaisipan ay nagpapakita lamang na hindi madali ang magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao. Ito'y dadaan sa mahaba at pasiko-sikot na daan na may maraming pagsubok at paghihirap na haharapin sa bawat kanto nito.

C. Ang mga hadlang sa kapayapaan ay: pagkakaiba sa relihiyon at kutura, kahirapan, kakulangan sa imprastruktura, rebelyon ng MILF, MNLF, NPA, at Abu Sayyaf.

D. Halimbawang Sanaysay:

Ang Kapayapaan sa Mindanao: Nananatiling Mailap

Ang pagsiklab ng kaguluhan sa pagitan ng mga rebelde at mga puwersa ng pamahalaan, pagsunog ng mga bahay, pagkagutom ng mga tao, pagdurusa ng mga naulila, pag-alis ng mga tao sa kanilang mga tirahan at pagsisikip ng mga "evacuation center" ay nagpapakita lamang ng kawalan ng kapayapaan sa Mindanao. Marami na ng mga hakbangin ang isinagawa, subalit wala pa ring kapayapaan.

Sa mga nabanggit na unang mga sagot, ang pagkakaroon ng kapayapaan ay isang mahaba, mahirap, at masalimuot na proseso. Tulad ng isang palaisipan, ang proseso ng kapayapaan ay nakalilito, may pagkakamali, at

may kabiguan. Mahalaga ang usaping pangkapayapaan dahil nagpapatunay ito na ang pamahalaan at ang rebeldeng grupo na MNLF ay handang mag-ayos ng kanilang alitan sa mapayapang paraan. Subalit ang kanilang kasunduan ay hindi nangangahulugan na magkakaroon na kaagad ng kapayapaan pagkatapos malagdaan ang kasunduan. Ang mahalaga ay may kasunduan na, na kailangang isakatuparan nang maayos at ang kailangang ay pag-iingat para hindi magkamali ng hakbang sa pagpapatupad nito.

Ang kapayapaan ay katulad ng isang palaisipan, napupunta ka sa maling direksyon at mararating mo ang katapusang dulo, subalit may pag-asa rin namang makababalik ka sa lugar na nagkamali ka at mula dito ay makapipili na ng tamang daanan.

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan mo? *(pahina 44)*

1. Mga posibleng dahilan ng kaguluhan sa Mindanao:

   a. Pagkaiba-iba ng kultura

   Ang Mindanao ay nabubuo ng iba't ibang grupong kultural na may iba-ibang relihiyon at paraan ng pamumuhay. Ang mga pagkakaibang ito ay mga dahilan din sa patuloy na kaguluhan sa Mindanao dahil ang mga iba't ibang grupong ito ay hindi rin nagkakasundo. Mga kanya-kanyang pang-aapi at iringan sa pagitan ng mga grupong ito ang dahilan kung bakit hindi sila makapamuhay ng matahimik at walang gulo. Ang mga iringan at pang-aaping ito ay nagmula pa noong panahon ng mga Kastila na ang karamihan na taga Luzon at Visayas ay nakumbinsi sa relihiyong Katoliko. Ang mga Kastila ay bigong kumbinsihin ang mga Filipinong Islam na naninirahan sa Mindanao. Dahil dito, nagkaroon ng iringan at pang-aapi na namagitan sa mga Filipinong Kristiyano at mga Muslim sa Mindanao na hanggang sa ngayon ay namamagitan pa rin.

   b. Pag-aari ng Lupa

   Noong panahon ng pagxsakop ng mga Amerikano, ang pagpaparihistro ng pag-aari ng lupa ay ipinatupad. Lahat ng Filipino ay kailangang magparehistro ng kanilang mga lupain kasama na rito ang mga naninirahan sa Mindanao. Ang mga lupaing hindi narehistro ay dineklarang maaaring bilhin. Maraming mga katutubong Filipino sa Mindanao ang hindi nakapagparehistro ng kanilang mga lupain. Ito'y dahil ang karamihan sa kanila ay walang sapat na pinag-aralan at hindi sila makabasa at makasulat. Maraming mga mayayamang mga Filipino at dayuhan ang nagmay-ari sa mga lupang dating pag-aari ng mga katutubong taga-Mindanao.

   Nang ilunsad ng pamahalaanang programang mandayuhan noong 1950s , maraming mga mahihirap sa Luzon at Visayas na karamiha'y mga Kristiyano ang dumayo sa Mindanao. Ito'y

lumikha ng kompetisyon sa pag-aari ng mga lupain sa pagitan ng mga mandaryo at mga katutubong taga Mindanao. Ang programang mandayuhan ay nagpalala sa kabuhayan ng mga katutubong taga Mindanao dahil karamihan sa kanila ay nawalan ng mga lupain.

c. Kapabayaan ng Pamahalaan

Nasasabi nga na ang Mindanao ay isang maganda at mayamang lugar. Subalit, dito makikita ang mga pinakamahihirap na probinsiya ng ating bansa. Ang lugar ay nanatiling hind maunlad. Maraming mga komunidad, lalo na ang mga tinitirahan ng mga Muslim na walang mga importanteng serbisyo tulad ng mga maayos na daanan, paaralan, at hospital. Maraming mga Muslim ang mahirap, at karamihan din sa kanila ay sumanib sa rebelyon. Para sa kanila, ito na lang ang natitirang paraan para malutas ang kanilang problema at mapaunlad ang kanilang buhay.

d. Hindi pagtupad sa mga probisyon ng kasunduang pangkapayapaan

Dalawang kasunduan na ang nalagdaan ng ating pamahalaan at ng MNLF, isang grupo ng mga rebelde. Subalit ang kakulangan sa pagtupad nitong mga kasunduan ang lalong nagpahirap para magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao.

2. Bawat administrasyon, simula sa administrasyon ni Marcos, ay nagsagawa ng mga hakbangin para magkaroon ng kapayapaan sa Mindanao. Ang mga hakbangin para sa kapayapaan ay ang sumusunod:

a. Tripoli Agreement

Ito ang kasunduang nilagdaan ng pamahalaan ni Marcos at ng MNLF noong 1976. Ang kasunduang ito ay nalagdaan sa pamamagitan ng Organization of the Islamic Conference.

Sa ilalim kasunduan, ang Palawan at 13 sa 22 probinsiya ng Mindanao ang bibigyan ng otonomiya. Ang mga ito'y mapapailalim sa isang pamahalaang hiwalay sa pamahalaang sentral na nasa Manila. Ang otonomiyang pamahalaan ay magkakaroon ng mga sangay ng ehekutibo, lehislatura at hustisya na may kapangyarihang tulad ng mga sangay sa pamahalaang sentral sa Manila. Magkakaroon din ito ng sariling hukbong panseguridad na hiwalay sa hukbong sandatahan ng Pilipinas.

b. Ang Paglikha ng Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM)

Naging adhikain rin ni Presidente Corazon Aquino na ayusin ang kaguluhan sa Mindanao, kaya nilikha ang ARMM. Nagpatawag siya ng plebesito na kung saan apat lamang sa mga probinsiya ng Mindanao ang sumang-ayon na masali dito. Tinanggihan ng

MNLF ang ARMM at hindi ito nakisama sa paglikha nito. Iginiit nila ang buong katuparan ng Tripoli Agreement.

c. Final Peace Agreement (Huling Kasunduang Pangkapayapaan)

Ang Huling Kasunduang Pangkapayapaan ay nilagdaan noong ika-2 ng Setyembre, 1996. Ito ang tangka ng pamahalaan na ipatupad ang napagkasunduan sa Tripoli Agreement. Magtatayo ng isang pamahalaang may otonomiya pagkatapos ng plebisito. Ang mga probinsiyang bumotong sang-ayon sa otonomiya ay masasama sa bagong pamahalaan.

Mahalagang mapansin mo na ang otonomiyang pamahalaan na itatayo ay kaiba sa ARMM. Ang administrasyong Ramos ang nagbalangkas ng plano kung paano ipatutupad ang kasunduan ng Tripoli Agreement. Ito ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi na tinawag na panahon ng transisyon, ay ang panahon na maglulunsad ang pamahalaan ng mga proyektong pangkaunlaran sa mga lugar na nasasakupan ng SZOPAD. Sa pagsasagawa nito, layunin ng pamahalaan ng kunin ang tiwala ng mga tao. Ang ikalawang bahagi ay mangyayari pagkatapos ng tatlong taong pagsasagawa ng unang bahagi. Ito ay nangyari sana noong Setyembre 1999 (tatlong taon makalipas na malagdaan ang kasunduan.)

Ang ikalawang bahagi ay ang paglikha ng bagong pamahalaang otonomiya. Isang plebisito ang idadaos sa mga lugar na sakop ng SZOPAD at ang mga bumotong sang-ayon ay mapapailalin sa bangong pamahalaang otonomiya.

Kung ang unang bahagi ay naging matagumpay, may malaki sanang paobilidad na lahat ng mga lugar na sakop ng SZOPAD (Palawan at 13 probinsiyang Muslim na kasama sa Tripoli Agreement) ay boboto ng sang-ayon sa otonomiya.

3. Halimbawang sagot:

Ang suliranin sa Mindanao ay nanatiling hindi lutas dahil:

Una, ang pamahalaan ay nabigong ipatupad nang lubos ang Final Peace Agreement. Ang pagpalit ng administrasyon (si Presidente Ramos ay pinalitan ni Presidente Estrada) ay isa sa mga dahilan. Ang sitwasyon sa Mindanao ay nananatiling pareho pa rin. Ang mga tao'y mahirap pa rin at hindi pa rin maunlad ang kanilang lugar.

Pangalawa, ang administrasyong Ramos ay nakipag-usap lamang sa isang grupong rebelde, ang MNLF. Mahalaga na malaman natin na may mga iba pang grupong rebelde sa Mindanao na may iba't iba ring adhikain.

## Talahulugan

**Awtonomiya** Pagsasarili; hiwalay na pamamahala

**Awtonomiya pamahalaan** Isang hiwalay na pamamahala sa sentral na pamahalaan

**Bangsamoro** Moro o bansa ng moro

**Katutubong lupa** Mga lupaing minana pa ng mga katutubo sa kanilang mga ninuno

**Kristiyano** Ang taong naniniwala sa Kristiyanismo

**Kulturang minoridad** Isang maliit na grupo sa isang komunidad o bansa na naiiba ang kultura, relehiyon, at iba pang mga katangian sa nakakaraming grupo.

**Kultura** Ang mga kaugalian, sining, literatura, paniniwala ng isang partikular grupo o bansa

**Etnolingwistikong grupo** Isang kutlural ng grupo na ang mga myembro ay may paherong salita o lengguwahe

**Heyograpiya** Ang pagkakaayos ng mga katangian ng isang lugar, tulad ng mga bundok, kapatagan, lambak at iba pa

**Katutubo** Mga sinaunang tubong lahi; mga taong unang lumaganap ang lahi mula sa kanilang ninuno hanggang sa kasalukuyang salin-lahi

**Islam** Ang relihiyon ng mga Muslim

**Lumad** Mga katutubong kultural na grupo sa Mindanao na hindi naman Muslim at hindi rin Kristiyano

**Moro** Ang katagang ginamit para tukuyin ang mga tao sa Mindanao anuman ang kanilang kultura at relihiyon

**Muslim** Ang taong nananampalataya sa Islam

**Kaban ng Bayan** Ang pinaglalagakan ng pondo o salapi ng bayan

**Nasyonalismo** Ang malakas na damdaming pag-ibig at pagmamalaki para sa sariling bayan, ang kagustuhang magkaroon ng pagsasariling politikal

**Embargo sa langis** Ang paghaharang para hindi mabentahan ng langis ang isang bansa ng mga bansang nagtitinda ng langis


**Bahagi** Isang anyo o proseso para sa pagbabago o kaunlaran

**Plebisito** Ang pagboto ng mga tao sa isang bansa tungkol sa isang isyung pambansangang sakop at kahalagahan

**Masamang palagay** Kawalan ng tiwala sa isang tao, grupo o kultura at iba pa batay sa pangamba o sa mga maling impormasyon na nakaapekto ng pag-uugali ng isang tao

**Paghihiwalay** Maging isang hiwalay na bansa

**Grupong sosyo-kultural** Mga grupong kabahagi sa isang sosyodad o komunidad ng mga tao na may parehong kultura



## References

The Philippine Atlas *A Historical, Economic and Educational Profile of the Philippines*. vol. 1 Fund for Assistance to Private Education. Kyodo Press. Tokyo, Japan 1975.

Vitug, Marites Danguilan and Gloria, Glenda N. *Under the Cresent Moon:Rebellion in Mindanao.* Quezon City: Ateneo Center for Policy and Public Affairs and Institute for Popular Democracy. 2000.

Internet Sources:

Aguja, Mario Joyo. *The Aftermath of Ethnic Violence - Post War Reconstruction in the Southern Philippines: A Preliminary Assessment of the Role of the International Community*. Incore: Ethnic Studies Network Index. < http://www.incore.ulst.ac.uk/home/esn/joyo.html >. November 16, 2000, date accessed.

Cagoco-Guiam, Rufa. *A critical partnership: Civil society and the peace process*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/cagoco.htm >. November 16, 2000, date accessed.

*Chronology*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/chrono.htm >. November 16, 2000, date accessed.

Gutierrez, Eric. *The Politics of Transition*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/gutier.htm >. November 16, 2000, date accessed.

Lopez, Antonio. *Going Nowhere Slowly*. Asia Week Magazine. < www.cnn.com/ASIANOW/asiaweek/magazine/2000/1006/nat.philippine.html >. November 21, 2000, date accessed.

Mercado, Fr. Eliseo Jr., OMI. *Priority Issues and Concerns in the Implementation of the 1996 GRP-MNLF Peace Accord.* Kalinaw Mindanaw. < http://www.mindanao.com/kalinaw/peaceproc/pa_imp_mercado-2.htm >. November 16, 2000, date accessed.

Mercado, Fr. Eliseo Jr. *Ten Commandments of the Mindanao Peace Process*. Philippine Daily Inquirer Interactive. < http://www.inquirer.net/issues/apr2000/apr01/features/fea_main.htm >. November 16, 2000, date accessed.

Mindanao Network on the WWW. < http://www.mindanao.com/frindex.html >. November 20, 2000, date accessed.

Moambing, Ramon. *Lumads and the peace process*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/moambing.htm >. November 16, 2000, date accessed.

Muslim, Macapado A. and Cagoco-Guiam, Rufa. *Mindanao Land of Promise*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/ >. November 16, 2000, date accessed.

Muslim, Macapado A. *Sustaining the constituency for Moro autonomy*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/muslim2.htm >. November 16, 2000, date accessed.

*One step towards peace: The 'Final Peace Agreement' in Mindanao*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/ >. November 16, 2000, date accessed.

Q&A AsiaSource Interview. < http://www.asiasource.org/news/special_reports/philippine.efm >. November 16, 2000, date accessed.

Santos, Soliman M. Jr. *Islamic diplomacy consultation and consensus*. Accord Mindanao. < http://www.c-r.org/acc_min/ >. November 16, 2000, date accessed.

*What causes un-peace in Mindanao*. Philippine Daily Inquirer Interactive. <http://www.inquirer.net/issues/nov99/nov20/features/fea_2.htm >. November 21, 2000, date accessed.